TIMECODE	SPEAKER	TRANSCRIPTION
00:00 - 00:08	**Jacob Leon**	Andito po ang dating Kinatawan (emeritus) Robert Valderrama na unang magpapakilala sa lahat ng kalahok ng ating workshop ngayong gabi. Commissioner Dukie, paki-unmute mo ang iyong sarili.
00:19 - 02:30	**Dukie Valderrama**	(Ayan naka-unmute na ako.) Una sa lahat, Dukie Valderrama, ako'y naging Port Commissioner ng labinganim na taon. Gusto kong pasalamatan si Commissioner Naranjo sa pag-imbita sa akin na dumalo para magbigay ng kaunting komento. Kagaya nang nabanggit, ako'y naging residente ng Old Town National City mula ng ako'y ipanganak at noong ako'y lumalaki sa Oldtown, sa lugar ng Pepper Park, 24th Street ay kung saan kami tumatambay ng aking mga kaibigan. Noong ako'y bata pa, madalas kaming magbisikleta doon noong ako'y nasa high school. Madalas kaming magpunta doon para makihalubilo sa iba at magdiwang at hanggang ngayon na ako'y retirado na, ako at ang aking asawa ay nagpupunta doon ng isang beses kada linggo para umupo at lumanghap nang sariwang hangin galing sa bay. Kaya marami akong oras na nasa Pepper Park. Kagaya ng aking nabanggit, ako'y isang residente dito simula pagkapanganak. Maraming mga pagdiriwang ang ginanap sa Pepper Park. May Mariachi Fest kung saan libo-libong mga tao ang dumalo at medyo limitado ang aming pwedeng gawin sa parke dahil sa laki nito. Kaya ito'y isang pagkakataon para sa komunidad ng National City para magbahagi ng kanilang gustong makita (at maitayo) sa new Balance Plan. Maraming magagandang mga ideya katulad ng mga naging usapin tungkol sa pagpapalaki ng parke, mayroong pag-uusap tungkol sa pagpapatayo ng gusaling pangkomunidad. Isa sa mga kinaasaran ko dati ay noong ako'y nasa high school, gusto naming dumalo sa Sweetwater ball o prom. Dati pa namin gustong magkaroon ng ganitong mga kaganapan sa San Diego. Kung maparami natin ang kapasidad kung maipatayo natin ang gusali, maari tayong magkaroon ng ganoong klaseng pagtitipon sa Pepper Park. Pero alam mo, itong pagtitipon natin ngayong gabi ay para magbigay ng oportunidad ang mga tao para makapagbahagi sila ng mga gusto nilang mangyari, kung anong gusto nilang makita sa hinaharap kung kaya't ako'y lubos na nagpapasalamat kay Commissioner Naranjo sa pagbibigay sa akin ng oportunidad para makapagbahagi ng aking saloobin tungkol sa mga magiging proseso. At gusto ko ding pasalamatan ang lahat sa pagdalo at sa mga taong magbabahagi sa mga *breakouts* ngayong gabi. At dahil diyan, binibigya ko ulit ng pagkakataong magsalita si Commissioner Naranjo. At salamat muli Sandy sa pag-imbita sa akin.
02:31 - 05:46	**Sandy Naranjo**	Maraming salamat Emeritus Commissioner Dukie. At bago ako magbahagi ng aking saloobin, gusto ko lang magbigay linaw— wala sa intensyon namin na magbigay nang limitasyon. Gusto naming ang mga ganitong klaseng workshops ay maging para sa lahat na gustong lumahok. Alam kong ito'y nakatala at ito'y ibabahagi sa publiko. Ako'y humihingi nang paumanhin sa mga taong gustong sumali nguni't di makasali. At ito'y ibabahagi sa ating website at sisiguraduhin namin na ito'y magiging aral para sa amin para sa mga susunod pang pagkakataon upang makadalo ang lahat. Kaya magandang gabi sa lahat. Muli, Commissiner Emeritus, Dukie Valderrama, napakagandang naipakilala ka namin ngayong gabi. Nais ko lang sabihin na ikaw ay naging isang napakaimportanteng bahagi ng board, at nangangako ako na pagpupursigihin ko at pagbubutihin ang aming trabaho para marepresenta ang National City sa Board of Port Commissioners, lalung-lalo na sa usapin ng pagpapalaki ng akses pampubliko sa waterfront at National City. Isang paksa na napakaimportante sa amin ni Commissioner Emeritus Dukie ay ang aming kagustuhan na makita ang pagpasa ng National City Balanced Plan para masimulan na natin ang proyektong ito. Ito'y magpapalaki ng Pepper Park na magbibigay daan para sa mas malaking palaruan ng mga kabataan at ng ating komudidad para magpahinga, na magbibigay sa mga residente ng National City at mga bisita ng mas maraming pampublikong espasyo para makapatipuntipon at masiyahan sa magandang bay upang mas tangkilikin ng ating mga bisita ang mga lokal na negosyo at ekonomiya. Ito'y magiging daan upang magkaroon ng lugar na makapagbibigay ng benepisyo sa kalikasan sa isang bahagi ng San Diego na madalas nakaliligtaan dahil sa mga usaping ukol sa hindi pagkakapantay-pantay nang mga mamamayan sa lipunan, disrkiminasyon dahil sa lahi, at ang hindi pagkakapantay-pantay sa usaping pinansyal. Ito'y naipapakita sa isang malaking bahagi ng komunidad na hindi naisasama sa mga proseso ng paggawa ng mga desisyon. Malaki ang ating bahagi para sa pagtatama nang nakakasulasok na mga aksidente at minsan pa'y mga sinadyang polisiya, kung kaya't ang paglapit sa publiko ay napakaimportante sa proseso na kasama ang maliliit na stakeholder workshops, pampublikong pagtitipon at mga indibidwal na pagtitipon kasama ng iba't-ibang grupong interesado sa usaping ito. Ang pagtitipon ngayon gabi ay isang hakbang sa malaking arko ng ating paglalakbay, para mabigyan ang publiko, ang komunidad, ng oportunidad na magbahagi ng inyong pananaw, saloobin, at mga gusto ninyong mangyari sa Pepper Park para matulungan kami sa aming paggawa ng mga proyekto sa hinaharap. Kasama sa proyektong ito ang pagdaragdag sa park pa ng dalawa't kalahating acres. Bagamat ito'y maliit na espasyo lamang, ito naman ay may kalakip na potensyal. Sa hanay ng mga Board of Port Commissioners, maraming salamat sa inyo pagdalo ngayon gabi. Inaanyayahan namin ang inyong mga ideya at saloobin at itoy' aming buong pusong tatanggapin. Ngayon ibibigay ko ang pagkakataong magsalita kay Jamie LaBrake ang direktor, Sycuan Cultural Center, at kay Ana Gloria Rodrigues, cultural coordinator at instruktor para sa seremonyas ng pagbibigay respeto sa ating lupaing kinatatayuan. Jamie at Ana. Jamie, paki-unumute ang iyong sarili.
05:47 - 05:48	**Jamie La Brake**	Naririnig ninyo ba ako?
05:49 - 05:50	**Jacob Leon**	Oo

05:51 - 06:28	**Jamie La Brake**	Maraming salamat Sandy. At maraming salamat Janice sa pagbibigay daan para ako'y madalo sa pagtitipon ngayong gabi. Sa aking palagay ay maganda ang inyong ginagawa. Bago ako magsimula, gusto kong mag-alay ng tabako para magbigay pasasalamat ngayong araw. Ang tabako ay ang unang halamang dumating mula sa puso ng manlilikha. At noong ito'y ipinagkaloob niya sa atin, ibinibigay niya ito tuwing tayo'y namamahagi at tumatanggap, at para lagi tayong magpapasalamat para sa araw ngayon. At palagi kaming nagpapasalamat sa mga bagong nakakasalamuha, para mabigyang sagot ang iba't-ibang mga paksa at higit sa lahat, magbunga ang magagandang mga ideya. At sa palagay ko ay ito ang mangyayari ngayong gabi.
06:29 - 07:55	**Jamie La Brake**	Ako rin ay nag-aalay ng isang halamang Sage ngayon. Ito ay nagbibigay daan para makarating ang ating mga panalangin at mga ideya sa kalangitan. Taglay-taglay ng usok nito ang lahat ng ating mga kahilingan at ang lahat ng ating mga pagpupursigi sa ating manlilikha habang tayo'y humihingi ng gabay, o sa mga bagay-bagay na aking ginagawa sa mga ganitong panalangin. [ibang lenggwahe] Maligayang pagdating sa ating mga kamag-anak at maligayang pagdating sa ating lupain. Ako ay si Jamie. Kasama ko ang Sycuan band ng Kumeyaay nation. At andito ako ngayon upang magbigay pasasalamat sa pagkilala na ang pagtitipong ito ay ginaganap sa ating lupain. Ang rason ay dahil, ako at ang ilang mga ordinaryong tao, ay naanyayahan namin kayo sa aming lupain. Sa palagay ko ay ang inyong mga ginagawa na may kumpiyansa at kaginhawaan, na may kaalaman na kayang maging sanhi ng pagbabago ay importate at ikaw ay aming kinikilala at nakikita namin ang iyong mga pagpupursigi. Ang sakop ng lupain ng Kumeyaay ay magmula sa karagatan hanggang sa disyerto, pitumpu't limang milya sa pinakdulo sa norte, at pitumpu't-limang milya sa pinakadulo ng timog. May labindalawang banda ang mga taong Kumeyaay na nakatira sa parteng ito, ngunit gusto ko ring isama ang aking pamilya. May apat na banda ang Kumeyaay nation, andiyan ang Neiji, Necua, Mapahal at La Huerta. At gusto ko rin silang mapabilang sa ating diskusyon. Nais kong magbahagi ng isang storya tungkol sa amin, kung paano kami nagkaroon ng abilidad para gamitin ang aming lenggwahe at mga kanta, at sa pagbuo ng isang pilosopo.
07:56 - 08:40	**Jamie La Brake**	Isang beses, may isang lalaking inatasang magpunta sa karagatan ng kanyang grupo. At siya's inatasang magpunta doon upang humiling sa manglilikha ng kaalaman. Pagdating niya sa karagatan, siya'y nagbagong anyo at lumutang sa gitna ng karagatan. Hiniling niya sa manlilikha na bigyan siya ng kaalaman, at siya'y diniktahang umuwi na may mga tagubilin para sa kanyang mga nasasakupan para magtayo ng isang estraktura (ibang lenggwahe). Pagdaan ng tatlong araw, may dumating na nag-anyong ahas. Sa aking mga narinig, ilang milya ang haba nito. Ito'y umuwi sa bahay at gumapang papasok ng bahay, at pabalik-balik ito hanggang sa matakot ang mga tao.
08:41 - 09:36	**Jamie La Brake**	Siya'y sinunog. At noong siya'y sinunog, nangisay ang ahas at ito'y sumabog. Ito'y sumabot sa kalangitan at nahulog sa mga tao. Kinain ng ilan ang laman (ng ahas) at iyon ang naging dahilan upang mabuo ang aming pangalan, ang ilan ay tinanggap ang mga kanta, at ito ang naging dahilang kung paano namin nakuha ang aming mga kanta. Ang ilang ay tumanggap ng pilosopiya at ng kaalaman kung paano pangagalagaan ang mga karagatan, ang mga kalangitan, ang mga halaman at magkaroon ng kaalaman sa medisinal, pangkalusugan, at sa iba't-ibang uri ng paggamit sa mga halaman. Ang pinakaimportanteng tagubilin ng manlilikha ay ang pagbahagi ng kaalamang ito sa iba. Alam ninyo, dumating siyang taglay-taglay ang kaalamang lubos pa sa pangagalilangan ng nayong iyon kung kaya't may iba't-iba tayong kaalaman at ang ilang mga katutubo ay may iba't-ibang dayalekto nguni't may pagkakapareho ng abilidad sa pakikipag-usap.
09:37 - 10:26	**Jamie La Brake**	Gusto kong ibahagi ito sa inyo sapagkat ang tagubilin sa atin ay ibahagi ang ating kaalamang mula sa iba't-ibang lugar. Kung kaya't ang tingin kong dahilan nang pagtitipon ngayon ay dahil sa ating kagustuhan protektahan ang ating kalikasan. Ang Inang Kalikasan ay ang ating ina. Ang Amang Kalangitan ay ang ating ama. Kung kaya't ang pagiging parte ng pagtitipung ito ay hindi lamang ang pagkilala na inyong kinikilala na ito ang ating lupain, ngunit upang kilalanin ang paghihirap na inyong sama-samang binibigay. May isang daang kasama sa pagtitipong ito. Iyon at importante. Nakakagulat na lahat kayo'y nagsasamasama upang protektahan ang ating mga karagatan at kalangitan para mamuhay ang ating mga anak sa isang malinis na paligid, at ang mga nakatatanda naman ay makaranas ng mga park ng hindi nangangamba sa kalidad ng hangin. Para hadlangan ang kilusang pang-industriya na lumago para sirain ang ating likod-bahay na hinahadlangang makapagtayo ng mga park.
10:27 - 11:11	**Jamie La Brake**	Ang ilan sa importanteng bagay sa paggawa ng pamilya, ang pamilya na may ligaya at prosperidad, hindi lang sa pinansiyal, kundi pati sa emosyonal at espiritwal. Hindi ako makapaghintay para sa ating susunod na pagkikita. Ako'y nagagalak na makita kayong lahat nang harap-harapan upang tayong magtulungan para makahanap ng solusyon sa mga paksa na hindi lamang makaaapekto sa inyong komunidad, ngunit pati ang ating komunidad. Lahat tayo ay iisa lamang ang hangarin, ang oportunidad na makapagpatayo ng pamilya sa isang malinis na paligid, na prinoprotektahan ang ating klima, at magbigay ng mas malinis na tubig at hangin para sa komunidad. At dahil dito, ako'y nagpapasalamat at kinikilala ko ang bawat isa sa inyo (ibang lenggwahe). Maraming salamat.
11:12 - 11:15	**Jacob Leon**	Maraming salamat Jamie. Napakaganda nang iyong mensahe at kami'y nagagalak na ikaw ay narito ngayong gabi.
11:16 - 11:17	**Jamie La Brake**	Maraming salamat. Ikinagagalak ko ito.
11:18 - 11:38	**Jacob Leon**	Maraming salamat. At ngayon, isang karangalan at kasiyahan kong ipakilala ang kagalang-galang na alkalde ng National City, Alkalde Alejandra Sotelo-Solis na magbibigay ng maikling mensahe para sa atin ngayong gabi. Alkalde, maraming salamat sa pagdalo ngayong gabi.

11:39 - 12:54	**Mayor Sotelo-Solis**	Magandang gabi sa lahat, napakaganda nang naging paunang dasal, Jamie at Commissioner Naranjo. Napakaganda nang bilang ng mga nagsipagdalo. Para suportahan si Commissioner Valderrama, ikinatutuwa ko tuwing aking naririnig at nasisilayan ang mga pundasyon kung saan tayo gagawa at bubuo upang lalong mapagyabong ang ating pamayanan. Isang daang tao ang kabilang sa Zoom at ako'y magbibigay ng maiksing mensahe sapagkat sa aking palagay ay importante na ang isang miyembro ng komunidad ay magbaghagi ng kanilang perspektibo at mga ideya. Kung kaya't ako'y panandaliang aalis at ibibigay ko ang pagkakataon sa isang miyembro ng komunidad upang sila'y magbahagi at makapagbahagi ng kanilang perspektibo, makita natin ang kinabukasan ng Pepper Park. Mag-ambisyon nang malaki. Maging malikhain sa pag-iisip. Isipin ang kinabukasan, ang ating koneksyon sa tubig, sa mga katutubo, na magtutulay sa atin, at sa ating mga kabahayan. Mag-ambisyon ng malaki.
12:55 - 13:47	**Mayor Sotelo-Solis**	Isipin ninyo ang tubig, lahat ng gusto nating makamtan. Bakit hindi tayo? Ngayon ay ang panahon! Karapat-dapat natin itong makamtan at ng ating komunidad. Mangarap tayo ng malaki at may malaking perang nakalaan ang Port kung kaya't mas lalong lakihan ang inyong mga pangarap, isipin niyo lobster, isipin ninyo surf and turf. Gusto ko ulit magpasalamat sa lahat ng dumalo. Ako'y lubos na nagagalak. At muli, Joe Stuyvesant, gusto kitang batiin ng "kamusta," maraming salamat sa pamumuno ng mga plano sa Port at sa lahat ng mga tauhan, tayo'y magpursige dahil magkakaroon tayo ng napakahusay na pagdiriwang. Ibibigay ko na ang aking posisyon. At kung may ibang mga tauhan na bukas sa pagbibigay ng kanilang posisyon, maging bukas kayo dito. Muli, maraming maraming salamat. At nawa'y maging matiwasay ang pagtitipon ngayon.
13:48 - 13:57	**Jacob Leon**	Maraming salamat Alkalde. Ikinagagalak namin ito. At ngayon ay nais naming tawagin si Ana Rodriguez. Ikaw rin ay susunod at si Jamie, na may karagdagang mensahe para sa lahat ng nagsipagdalo ngayong gabi.
13:58 - 15:19	**Ana Rodriguez**	Maraming salamat. Kamusta sa lahat. Maraming salamat sa pag-anyaya sa akin na maging parte ng pagtitipong ito, at maraming salamat sa lahat ng taong patuloy na nangangalaga at nag-iisip ng mga solusyon para makamtan ang mas magandang kinabukasan para sa ating mga anak at pamilya. At katulad nang nabanggit ng ginoo kanina, ang Kumeyaay (ibang lenggwahe) ay ang ating lupain, ito ay ang ating sagradong lupain para sa Kumeyaay nation kung kaya't nais naming maging kabilang sa pagpaplano sapagkat andito kami upang protektahan ang aming mga ninuno. At lahat ng mga planong pangkaunlaran para sa ating siyudad ay makaaapekto sa ating mga espiritu, at ng ating mamamayan. Tuwing tinatanggal natin ang lupa ng ating mga ninuno kung kaya't tayo'y narito ngayon, na nanggaling sa kwento ng paglikha magmula pa noong simula kung kaya't napakaimportante para sa atin na maging parte sa lahat ng mga planong pangkaunlaran ng siyudad dahil kailangan nating protektahan ang ating kultura at ang ating mga ninuno. At gusto ko lang ulit kayong pasalamatan para sa oportunidad na maging bahagi ng pagtitipong ito. Maraming salamat.
15:20 - 16:34	**Jacob Leon**	Maraming salamat Ana. Kami'y lubos na nagpapasalamat sa inyong pagdalo. Mahusay. Ako'y sobrang natutuwa at karangalan ko na mabigyan ng oportunidad na magbigay ng paunang salita. Kaya salamat. Maraming salamat. Tayo'y dadako na sa ating presentasyon at sana ay magkaroon tayo ng magandang talakayan kapag tayo'y naghatihati na sa ating mga *breakout rooms* . Kung kaya't ibabahagi ko ang aking screen upang maipagpatuloy natin ang ating magandang talakayan. Maraming salamat Jamie, Alkalde, at mga Commissioners. Nagpapasalamat kami dahil dito. Ngayon ay gagawa kami ng mabilis na botohan sa mga kalahok ng pagtitipong ito. May ibabahagi kaming isang katanungan para sa lahat. Gusto naming malaman ang inyong relasyon sa National City. Maari kayong mamili nang mas madami sa isang kasagutan. Pwede ninyong sabihing isa kayong residente, kung kayo'y isang nagmamay-ari ng negosyo, kung kayo'y isang empleyado, at kung kayo'y bisita lamang ngayong gabi at iba pa. At ngayon si Jesse at ang aming grupo ang magbabahagi ng survey at bibigyan namin kayo ng dalawampung segundo para mamili ng sagot.
16:35 - 16:59	**Jacob Leon**	Malinaw? Maraming salamat. Nakikita ko na ang ilang mga kasagutan. Natutuwa akong gumagana ito. Karagdagang sampung segundo, Jesse, bago natin isara ang ating botohon. Mayroon tayong mga residente, mga may-ari ng negosyo. Isasara na natin ang ating botohan maya-maya para maibahagi natin ito sa lahat.
17:00	**Speaker 1**	Sige.
17:00 - 17:53	**Jacob Leon**	Maraming salamat sa lahat ng mabilis na nagsipagsagot. Sa nakikita ninyo, maganda ang pagkakahati natin ngayon. Mayroon tayong mga residente, mga may-ari ng negosyo, may mga empleyado ng siyudad at marami pang iba. Kung kaya't maraming salamat muli sa paglahok sa botohang ito. Ang gagawin ko ngayon ay ako'y magbibigay ng pangkalahatang ideya ng kasaysayan kung paano tayo nakarating sa ating destinasyon, ngayong pagititpon. At bahagi nito ay ang maiksing kasaysayan. Noong 2016, ang Port at ang Siyudad ng National City ay nagkaroon ng isang charrette ng mga disenyong pampubliko para magkaroon ng diskusyon ng pagbabalanse ng paggamit sa lupa para sa komersyal, a pampublikong gamit malapit sa Pepper Park at sa Pier 32.

17:54 - 19:49	**Jacob Leon**	Ang nagresultang datos sa paggamit sa lupa ay ang karaniwang tinutukoy namin bilang Balanced Plan. Isinasaalang-alang sa Balanced Plan ang paghahatihati nang lahat ng gamit pang komersyal at pampublikong parke. Isa sa mga pinagtutuunan ng Balanced Plan ay ang pagdaragdag ng 2.5 acres sa Pepper Park sa kasalukuyan. Sa pangkalahatan ay 5 acres. Isinasaalang-alang din nito ang mga posibilidad at oportunidad na baguhin ang Pepper Park ngayon kung saan nararapat. Isa sa mga layunin ng pag-aaral sa pagpapalaki ng Pepper Park ay ang pagtuklas ng mga oportunidad na panglibangan na makatutulong sa pagbabagong anyo ng Pepper Park bilang isang resource, patungo sa isang parke na magagamit ng mga residente ng National City upang sila'y magtipun-tipon, at matamasa ng mga bisita at mga kapitbahay at ng San Diego at ng National City. Ang prosesong ito ay para magtipun-tipon ang mga miyembro ng komunidad at ng ating mga stakeholders at mag-isip ng mas epektibo at matagumpay na disenyo ng Pepper Park. Isang parte ng prosesong ito ay ang pagtuklas ng features ng parke at mga amenities at malalaking ideya na makapagpapatingkad sa waterfront. Ito'y para mabalanse natin ang iba't-ibang priyoridad na hindi lamang sa port, ang rehiyon at ang mga pangangailangan ng lokal ng National City. Sa bahaging ito, nais kong ipakilala si Mike Singleton, ang punong namamahala at KTU+A. Magsasalita siya ng ilang minuto para maipaliwanag ang mga kondisyon ngayon sa Pepper Park para mabigyan linaw tayo kung anu-ano ang mga pwedeng gawin at kung anu-ano ang maari nating gawin sa mga espasyong ito. Mike, maraming salamat sa pagdalo ngayon at ibibigay ko na sa iyo ang pagkakataong magsalita.
19:50 - 20:35	**Mike Singleton**	Maraming salamat Jacob. Ang kadalasang mga tanong namin ngayong gabi ay kung anu-ano ang gusto ninyong mangyari sa parke? Pero maganda ring magkaroon kayo ng kaalaman tungkol sa Pepper Park. Ang ilan sa inyo ay marami nang alam tungkol dito. Marami nang nakagamit dito, pero mula sa perspektibo ng pagpaplano kung ano ang nariyan at kung ano ang maaring gawin. Ang mga bahaging nakapula ay base sa pangkalahatang puhunan at kondisyon na malamang ay mananatili sa mga lokasyong ito. Ang naka kahel naman sa screen ay ang mga bahagi na may malaking oportunidad na magpatayo ng bagong mga amenities. At ang pagpapalaki ng parke ay ang 2.5 acres ng pagpapalaki. Karamihan dito ay galing sa Pasha kung saan sila'y nag-aangkat ng mga sasakyan. Ang ilan dito ay galing sa bandang itaas ng parke.
20:36 - 21:09	**Mike Singleton**	Mayroon ding bahagi na ngayon ay isang paradahan, ang harap ng marina ay isang bahagi ng Pepper Park na maraming maaring mangyaring pagbabago. Ang susunod. Ganito ang gusto naming mangyari, maaari natin itong tawagin sa lokal na konteksto, napakaimportanteng maintindihan natin kung para saan ang parke at kung paano ito ginagamit ng mga tao. At ang paraan kung paano namin ito ipinaiintindi ay sa pamamagitan nang pagpapakita na maraming oporunidad, may mga hadlang, mga assets, mga limitasyon na kailangan nating isaalang-alang. Ang ilang mga slides na ating papasadahan ay magpapakita ng mga elementong makikita natin sa parke. Susunod.
21:10 - 21:55	**Mike Singleton**	Ang isa sa mga napakainteresanteng bagay na aking natutunan habang ako'y nagtatrabaho sa parke at sa lote ng National City sa nagdaang dalawampung taon ay hindi marami ang mga lugar na makikita natin na lalapit sa 270 degree view. Alam ng nakararami sa inyo ang view ng marina, ang view ng Sweetheart River, channel at ng lo-ok. Ngunit kung kayo ay magpunta sa bahagyang itaas, hindi masyado kailangan umangat, makikita ninyo ang downtown ng San Diego at ng tulay ng Coronado at karamihan sa Coronado. Kaya may 270 degree view ka na may potensyal na maging oportunidad sa lugar na ito. Ang lapit sa dulo ng tubig ay napakalaking oportunidad dahil ito'y kalmado at protektado at malinis ang paligid ng tubig.
21:56 - 22:52	**Mike Singleton**	Marami ang nasa pagitan ng Pier 32 at ng aquatic center na maaring magkaroon ng kaunting husay sa disenyo na taglay ng mga lugar na ito. Maraming mga lugar sa parke na maaring magkaroon ng karagdagang sining. May iba't-ibang mga paksa sa larangan ng kasaysayan at kultura at ng negosyo ng mga nag-aangkat. Ang lahat ng ito sa ay malaki ang magiging ambag na maaring magamit sa hinaharap. Ang rotunda mismo, ang kalye ay hindi papunta sa iisang lokasyon kung saan ito'y kasalukuyang nakapuwesto. Kaya ang lugar ng rotunda ay maaring baguhin para maging pampublikong espasyo. Mayroon ding abilidad na makakuha ng tubig galing sa stormwater na may benepisyal na gamit at makasisiguro tayo na mapagpapabuti natin ang kalidad ng tubig na babalik sa lo-ok. May mga talakayan sa water shuttle na maaring paggamitan ng pier, ang pantalan mismo at ang lugar kung saan ang mga bangka o di kaya'y baguhin ang fishing pier.
22:53 - 23:06	**Mike Singleton**	At ang lugar na ito ay maaraw. Kung kaya't laging may hangin at posibilidad na pagkunan ng solar (power) sa lugar na ito. Maraming mga oportunidad dito sa lugar na ito. Susunod na slide.
23:05 - 23:43	**Mike Singleton**	Balik tayo sa mga hadlang, pinasadahan ko ang ilan sa mga ito kanina na kailangan ng kaunting paliwanag. Mananatili ang boat launch ramp at ang paradahan ng mga boat launch. Kailangang manatili ng mga ito sa lugar na ito. Ang aquatic center ay isang pasilidad na may puhunang malaki. Ito'y mananatili sa lugar na ito. Ang mga palikuran na maganda pa ang kalagayan at ang picnic area na katabi nito. Ang fishing pier mismo ay napakagandang asset na kailangang panatilihin sa mga lugar na ito. Sa paligid ng dulo ay isang lakaran papunta sa dulo ng tubi at ito'y mananatili din. Susunod na slide.
23:44 - 24:01	**Mike Singleton**	Muli, ang ilan sa mga asset na nabanggit katulad ng palikuran ay maganda pa ang kalagayan, ang palaruan ay napakaganda pa ng kalagayan. Kinakailangan pag-ibaibahin ang kapasidad sa edad ng palaruan. Ang fishing pier at ang viewing area ay maganda mga asset din. Maraming mga matatanda at malulusog na mga puno sa parke.
24:02 - 24:22	**Mike Singleton**	Gusto nating maging maingat sa pagtatayo ng mga gusaling hindi kinakailangang magputol ng mga malalaking puno na nagbibigay ng silong. Ang gusali ng Aquatic Center, may mga programang maaring gawin dito at mga pampublikong paptitipon at ang boat launch at ang paradahan ng mga bangka mismo, ay mga asset. Susunod na slide.

24:23 - 24:55	**Mike Singleton**	Ngayon ang mga limitasyon. Hindi namin gustong laging pag-usapan ang mga limitasyon ngunit gusto naming pagtuunan ng pansin ang mga bagay-bagay na kailangan nating paghandaan. Ang isa rito ay ang pagkukunan ng tubig ngunit kung ang pagkukuhanan ng tubig ay masyadong malapit sa pantalan ng mga malalaking barko sa Pasha, kailangan nating isaalang-alang kung paano ito gagana. Gusto nating magkaroon ng pagkakataon ang mga tao na magtampisaw ng paa sa tubig. May ilang mga posibilidad dito pero napakakritikal ng importansya ng kabuuan ng dulo ng tubig.
24:56 - 25:34	**Mike Singleton**	Pinoprotektahan ng daloy ng hangin ang karamihan ng mga nasa lugar. May hanging nanggagaling sa kabilang dako ng lugar ng iba't-ibang oras, ngunit kailangan nating isaalang-alang na palaging may simoy ng hangin sa waterfront, at ito's isang magandang asset, lalo na sa panahon ng tag-araw. Ngunit pag malamig ang hangin at panahon ng taglamig, hindi ito itinuturing bilang isang asset. Ang tirahan ng mga wildlife at ng Sweetwater River mismo ay ang mga bagay na kailangang protektahan. Kailangang isama ito sa mga priyoridad na kailangan panatilihin sa lugar. Kung kaya't maraming mga bagay na kailangan nating isaalang-alang. Pwede na tayong magpunta sa susunod na slide.
25:35 - 25:48	**Mike Singleton**	Maraming mga taong nagtatanong tungkol sa, "Hindi kami makababa. Hindi kasi ito konektado sa siyudad." May mga ilang bagay na pinagtratrabahuan ng National City na gusto kong itampok sa usapin ngayon.
25:49 - 26:46	**Mike Singleton**	Hindi ito ang ating pokus ngayon gabi, ngunit kung tatanungin ninyo kung paano magagamit ang parkeng ito, at ang ilan ay magtatanong kung "paano natin ito magagamit ng mas maayos?" Maraming grants na napanalunan ang siyudad. Isa sa mga ito ay ang electric vehicle shuttle system na ang pondo ay manggagaling sa State of California na magtatagal ng tatlong taon. Ngayon, ito'y nakapokus sa 8th Street Trolley Station, ngunit maaaring lumago hanggang sa Pepper Park. Ang Homefront sa Waterfront study ay nakatukoy ng iilang mga magandang pagbabago katulad ng kung paano mas makapagbibigay ng malalakaran at bike lanes na galing sa National City Boulevard hanggang Bayview, Waterfront. May mga magandang pagbabago sa 19th Street at isa sa mga lugar na magkakaroon pa ng mas magagandang pagbabago ang Bayshore Bikeway at mapalalaki pa ito papunta sa north south.
26:47 - 27:22	**Mike Singleton**	At katulad nang nabanggit ko dati, ang Water Taxi study ay maaari ring mabigyan nang pondo, at kami'y naghahanap ng federal grants na maaaring makatulong sa pagpapatupad ng nasabing program. Ang mga pondong ito ay kakapasok lamang noong nakaraang linggo. Mayroon ding kahilingan na gumawa ng feasibility study ukol sa pangtaong tulay na kumokonekta sa 24th Street hanggang sa mga bakanteng lote sa may kanlurang bahagi ng I-5, at kung paano rin ito kumokonekta sa Bayshore Bikeway. Kaya maraming magagandang mga plano para sa parke. Maraming ring makapagpapadali ng inyong akses sa parke na aming inaasikaso sa ngayon. Ngayon, ibabalik ko kay Jacob ang pagkakataong magsalita.
27:23 - 28:26	**Jacob Leon**	Maraming salamat Mike. Aming lubos na ikinatutuwa ang ibinahagi mong kasaysayan. May isa pa tayong slide ukol sa kasaysayan. Isa sa mga bagay na pinakatampok na nais naming ibahagi sa mga kalahok ngayong gabi ay na, hindi tayo magsisimula sa pinakasimula. Narinig ninyo ang kaunting kasaysayan, na may malaking naging inisiyatibo noong 2016 sa Balanced Plan at dahil sa Balanced Plan at ilan pang mga kaganapan, mayroon tayong mahabang listahan ng mga potensyal na features ng parke na ating nasimulan, at gabi ito ay isa mga oportunidad upang ating makilatis at mapagtano kung papaano natin ito magagawa sa Pepper Park at kung papaano natin mapapalaki ang Pepper Park. Ang ilan sa mga nasa listahan ay ang pagpapalaki ng palaruan, mga water features, na nakadaragdag at nakapagpapaganda ng mga lugar ng pagtitipon, katulad ng group picnic areas. Halimbawa, gazebo at kiosco, pagpapalaki ng waterfront views at mga lugar kung saan pwedeng magtipun-tipon, katulad ng viewing decks at perched beach areas. Ang ilang halimbawa nito ay makikita sa Pier 32. At gusto lang nating makasiguro na may magandang lakaran na nakaharap sa waterfront.
28:27 - 30:07	**Jacob Leon**	Narinig natin mula kay Mike ang ukol sa sirkulasyon, ngunit sa aking palagay ay may mga oportunidad upang masigurado natin na mas mapapabuti natin ang sirkulasyon sa mismong Pepper Park. May ilang pag-uusap ukol sa paniniguradong may mga outdoor plaza spaces para sa mga food trucks o di kaya'y venue mula sa mga shipping container na maaaring may pagkain at inumin at maaaring may umiikot na mga exhibitions na pwedeng sumuporta sa mga espesyal na mga kaganapan. Pinagsikapan nang siyudad na siyasatin ang ideya ng paglipat ng Granger Music Hall upang ito'y maging parte ng mas malaking espasyo para sa music performance. Ating napag-usapan ang paksa ukol sa mga kaganapang espesyal at gusto nating masiguradong ang Pepper Park ay maaring maglingkod sa lokal na komunidad ng National City para sa mga espesyal na kaganapan dito. Mayroon ding mga pag-uusap ukol sa pagkakaroon ng mga gusaling nakatuon sa mga espesyal na kaganapan na susuporta sa Granger Hall. Panghuli, isa sa dating plano ay ang pagprotekta sa boat launch at sa paradahan ng mga bangka at ito ay importanteng parte ng Pepper Park. Mahusay. At ngayon tayo'y magkakaroon ng huling botohan para sa lahat ng kalaohok ngayong gabi, at inyong narinig ang maiksing kasaysayan ng Pepper Park at ng National City Waterfron. Gusto naming maglunsad ng isang botohan at tanungin kung kayo'y nakalahok na sa mga workshops na may kinalaman sa Pepper Park or sa Balanced Plan. Pwede kayong mamili kung oo o hindi. Jesse, pakilunsad ang botohan. Bibigyan natin ang mga kalahok ng tatlumpung segndo para sumagot.

30:08 - 31:31	**Jacob Leon**	Maraming salamat sa lahat. Jesse, isarado na natin ang botohan. Ngayon ay narito na ang resulta. Mga 24% ng mga kalahok ang nagsabi sila'y nakadalo sa isang workshop o pagtitipon ukol sa Pepper Park or Balanced Plan at ang 75% ay hindi pa. Sa ating mga kalahok ay naghalo ang mga may pamilyaridad sa lugar at mayroon din namang baguhan sa proseso ng pagplaplano sa Pepper Park. Maligayang pagdating sa mga dati ng naging kalahok sa at sa mga baguhan sa proseso. Mahusay. Ngayon ay handa na tayong maghiwahiwalay sa mga breakout room, sa pinakanakatutuwang parte ng proseso, ngunit ang gagawin ko ay gusto ko kayong maengganyo sa ma talakayan at mga ideyang pag-uusapan ninyo ngayon. May mga hanay ako ng mga larawan na gustong ibahagi sa inyo ngayon. Sana ay, mukhang lahat ay nagagalak na pag-usapan ang kanilang mga ideya sa atin ngayon, ngunit ito ang mga hanay ng mga larawan na makatutulong sa mga hindi pa pamilyar sa proseso.
31:32 - 32:16	**Jacob Leon**	Gusto kong simulan sa Well-Being Active Improvements. Ito ang mga bagay na gusto naming pag-usapan ninyo at gamitin sa inyong talakayan. May paksa tungkol sa Passive Water Experiences. Ito naman ay tungkol sa kung papaano natin pwedeng maranasan at magamit ang tubig. May paksa ukol sa Event Supporting Improvement. Ito naman ay ang mga pwede nating gawin, mga espesyal na pagdiriwang na pwedeng gawin sa Pepper Park. Gusto naming marining mula sa inyo ang tungkol sa oportunidad at pagpapabuti sa larangan ng edukasyon, ito rin ay tumatalakay sa mga maari nating matutunan mula sa kasaysayan at kalikasan sa lugar na ito. Panghuli, gusto naming marinig ang inyong mga saloobin tungkol sa access improvements. Ito ay tungkol naman sa ating paglalakbay papuntang Pepper Park at sa waterfront.
32:17 - 33:21	**Jacob Leon**	Sa Well-Being Improvements, ang ilan sa mga itatanong ng mga pinuno ng pangkat sa breakout rooms ay, "Gaano karaming grassy areas ang kailangan nating protektahan?" o "Kailangan ba nating panatilihin ang kasalukuyang Pepper Park sa ating pagpapalaki ng espasyo?" Alam nating maganda ang ating palaruan na gamit na gamit ngayon, ngunit aming natukoy ang isang oportunidad upang ito'y mapalaki at masigurong may tamang mga estraktura sa palaruan na akma para sa iba't-ibang edad. Ito'y maaaring sa pamamagitan nang pagdaragdag ng mga estraktura sa palaruan para sa mas maliit na grupo ng mga kabataan at isa naman para sa mas malaking grupo ng mga kabataan. Narinig namin ang inyong daing, mula sa mga nakalipas na workshops, na gusto ninyo ng splash pad o di kaya'y isang water feature para mas maging masaya at nakatutuwa ang karanasan ng mga miyembro ng komunidad. Ang isang waterfront promenade na makapagbibigay ng tanawin at akses sa tubig ngunit ito rin ay maaaring maging lakaran at takbuhan. Panghuli, gusto namin marinig ang inyong mga saloobin tungkol sa mga espasyong ito. Muli, ang mga grassy areas ay maaaring maging para sa Zumba o yoga o Tai-Chi, at mga iba pang mga ehersisyong pwede ganapin sa Pepper Park.
33:22 - 34:14	**Jacob Leon**	Para naman sa Passive Water Experiences, may mga nakatutuwang mga larawan dito na gusto naming ibahagi sa inyo. Ang perched beach ang dagat na makikita ninyo sa kaliwang sulok sa bandang itaas, yan ang Pier 32, mga pito hanggang sampung minutong lakaran mula sa Pepper Park. Ang ideya dito ay ang pagkakaroon ng isang dalampasigan at pagpapalago nitong karanasang ito hanggang Pepper Park sa pamamagitan ng paglalagay nang buhangin. Gusto naming malamang kung ang paglalagay nang mga deck sa tubig para maari kayong lumutang sa tubig ay isa sa mga bagay na gusto ninyong maranasan. May mga ilang magaganda at simpleng mga upuan sa waterfront kung saan masusulit natin ang tanawin malapit sa tubig. Ang nasa kaliwang larawan sa may bandang ibaba naman ay ang stepped seating. Isa ito sa mga kinagigiliwan ng mga tao na ginagawa na sa iba't-ibang mga lugar dito sa bansa pati na rin sa ibang parte ng mundo. Isa itong nakatutuwang paraan para makalapit ang mga tao sa tubig na di sila kailangang mabasa.
34:15 - 34:41	**Jacob Leon**	Katulad nito, ang viewing decks na nabanggit ko kanina, kung maliit man na pang wildlife viewing o kung pang-interpretive signage, o di kaya'y kung gusto ninyo ng kaunting sandali ng kapayapaan. At ako'y natutuwa sa kung papaano naiilawan ang isang lugar. Lagi ko ngang sinasabi na huwag mamaliitin ang kapangyarihan ng liwanag sa isang pampublikong espasyo. Kung ito man ay sa pamamagitan ng masining na disenyo, ang paraan ng pag-iilaw ay nakaaapekto sa karanasan ng mga tao pag lubog ng araw. Kung kaya't nais naming marinig ang inyong palagay sa paraan ng pag-iilaw ng parke kung iyon ang isa sa mga paksang ikinagigiliwan ninyo.
34:42 - 35:33	**Jacob Leon**	Event supporting improvements— ito'y ang ilan sa mga nakatutuwang mga ideya. Nabanggit ni Mike ang mga rotunda. Gusto ba nating gamitin sa ibang paraan ang rotunda at magkaroon ng magandang multi-purpose kiosko katulad ng mga nakikita natin sa karamihan ng mga bansa sa Latin America. Nagkakilala at nagkagustuhan sa kiosko sa kanilang bayan— sa Atotonilco, sa may Jalisco. Maaaring gusto nating magkaroon ng ganito sa Pepper Park. Kung hindi niyo masyadong nagugustuhan ang kiosko, maari kayong magbigay ng ibang mga suhestion kung anong maaari pang gawin sa multi-purpose stage. Ang dalawang larawang nakikita ninyo ngayon ay tungkol sa mga gusali. Gusto ba nating magkaroon ng mga gusaling maraming gamit para sa pagkain at inumin, o di kaya'y gamit pangkomersyal para sa mga maliliit na negosyong lokal. Pagdiriwang, nagkaroon na tayo dati ng Mariachi Festival sa Pepper Park. Paano tayo magplaplano nang mabuti para tayo'y magkaroon ng mga malalaking pagdiriwang na angkop para sa Pepper Park at para sa komunidad ng National City.
35:34 - 36:33	**Jacob Leon**	At panghuli, ang pagkakaroon ng mga lugar pangpiknik kung saan ito'y maaaring rentahan para sa kaarawan, quinceañera, at iba pang klase ng pagtitipon. At gamit ang mga nakaraang mga pagpapaganda, mayroon tayong mga educational components. Ang unang larawan ay malinaw. May kasaysayan tayong maaring ituro sa mga taong pupunta sa Pepper Park. Gusto nating kilalanin at gusto nating maging interesado ang mga tao ukol sa mga katutubo at ang kasaysayan. Muli, Jamie at Ana, maraming salamat sa pagdalo ngayong gabi. Ikinagagalak naming marinig ang inyong mga ideya kung paano natin mailalahad ang kasaysayan at maikwento ang storya at makilala ang mga katutubo dito sa Pepper Park. Mga makasaysayang mga estraktura: ang larawang it ay mula sa Liberty Station sa may San Diego. Puno ng kasaysayan, lalo na ang gumaganang waterfront sa National City. Sa tingin ninyo ay mayroon bang mga nakatutuwang mga idea na maari nating masali dito sa Pepper Park? Ang pagturo sa mga tao ukol sa tubi at ang natural na kapaligiran ay maari nating magawa sa ating viewing platforms.

36:34 - 37:12	**Jacob Leon**	May napakagandang larawan sa kaliwa sa bandang ibaba kung saan maaring maging oportunidad para iangat ang mga tao, at makita mula sa itaas ang mga magagandang tanawing kita ang wildlife refuge sa may lo-ok. Sabihin ninyo sa amin kung mayroon kayong mga iba pang gustong isama. Panghuli, mayroon tayong pavement, maaring nating gamitin ang pavement designs sa lupa upang magkwento ng storya, magturo, o di kaya'y maging isang klase ng sining. At panghuli, educational signage katulad ng nakikita niyo sa bandang ibaba, sa kanan. Ang mga karatula ay hindi kailangan maging di kaakitakit. Maaari itong maging masaya at kakaiba katulad nito para maturuan ang mga tao tungkol sa flora at fauna sa parke.
37:13 - 37:47	**Jacob Leon**	Ang huling paksa na ating tatalakayin tungkol sa mga pagpapaganda sa akses. Ito'y tungkol sa pagparada, mga paradahan, pagbabakod, mga transportasyon, katulad ng maayos na imbakan ng mga bisikleta sa Pepper Park, pagpapaganda ng lokal na koneksyon, silangan hanggang kanluran, mula sa ilalim at paloob ng Interstate 5 Freeway. Ang pagkilala na ang Pepper Park ay maaaring maging pit stop para sa ilang mga regional connections, lalo na kung ikaw ay papuntang Bayshore Bikeway. Sa nakikita ninyo marami tayong maaaring pag-usapan sa ating mga breakout rooms. Kaya ako'y sobrang natutuwa at di makapaghintay na marinig ang inyong mga ideya.
37:48 - 38:40	**Jacob Leon**	Gusto ko lang paalalahanan ang lahat na pag tayo'y nasa kanikanilang mga breakout rooms na maging malaya kayong buksan ang inyong mga camera. Napapansin kong ang karamihan sa inyo ay nakabukas ang camera. Mainam ito. Matutulungan kaming mga moderator na tulungan kayo sa pagsagot nang inyong mga katanungan at tawagin ang mga kalahok, maaari kayong magtaas ng kamay kung inyong nais para masigurado nating mabigyan ang lahat ng pagkakataong magbahagi ng kanilang saloobin. Maging magalang tayo sa mga saloobin ng mga kalahok. Maaring hindi tayo parepareho ng gustong makita sa Pepper Park. Kaya maging magalang at bukas sa mga ideya a saloobin ng bawat isa sa atin. Kung ikaw nasa isang maingay na lugar, pakimute ang inyong sarili at paki unmute na lamang ito kung kayo'y magsasalita. At panghuli, nakikita kong aktibo ang ating chat. Kung gusto ninyong gamitin ito upang itype ang inyong mga saloobin kaysa sabihin ito, maari ninyong gamitin ang chat window function.
38:41 - 39:22	**Jacob Leon**	At ngayon ay hihinto ako saglit. Ang gagawin natin ay sisiguraduhin natin na ang IT Team natin na siyang nagtratrabaho upang malagay ang lahat sa mga breakout rooms ay handa na. Maaaring magtagal tayo ng ilang saglit. Maghintay lang tayo ng onti. Bubuksan na natin ang breakout rooms pagkatapos ng isang minuto at kayong dadalhin sa kanikanilang mga kwarto. Ang ilang sa inyo na kami'y sasamahan para sa pagsasalin sa Tagalog, maaari kayong manatili sa main room, kung saan maari ninyong hintayin ang inyong pagkakataon. Ang iba naman, katulad ng mga nagsasalit ng Espanyol, tayo, ang tatlo o dalawa sa mga breakout rooms sa Ingles ay gagawin pa lamang.
39:23 - 39:54	**Jacob Leon**	Jesse, binibigyan kita ng pahintulot na kung ikaw ay handa na, maari mo ng buksan, ngunit saglit lamang, bago ko makalimutan, kung ang lahat ay nakabukas ang camera ngayon, Commissioner Naranjo nais kong makasiguro na ang lahat ay kayang magtaas ng kamay at ngumiti. Kukuha tayo ng mabilis na screenshot. Ako'y lilipat sa kabilang pahina. May limang pahina akong kailangan puntahan sapagkat napakarami natin dito. Sa bilang ng tatlo, tayo'y gagawa ng isa, dalawa.
39:55 - 41:32	**Jacob Leon**	Magaling. Gagawin ko ito ng apat pang beses. Pagpasensyahan ninyo na, isa pa at okay na. Naririnig ninyo siguro ang tunog ng kamera. Isa, dalawa, at tatlo. Isa pang screenshot. Maraming salamat sa lahat ng inyong pagpapasensya. Napakaganda nito. Gusto naming makasigurado na mayroon kaming rekord ng dami natin ngayon. Ayan. Commissioner Naranjo, mayroon na tayong mga screenshot ng mga kalahok ngayon gabi. Magaling, ngayon na nakuhanan na namin ang inyong mga litrato, Jesse maari mo ng buksan ang mga breakout rooms pag handa ka na. At kung kayo'y napabilang sa maling kwarto, pakiabisuhan kami at ilalagay namin kayo sa tamang kwarto. Maraming salamat sa lahat. Aabangan ko ang ating pag-uusap maya-maya. Makikita ninyo ang mga clicks, kung kaya't pindutin ninyo ito para makasali sa mga kwarto.
41:33 - 42:33	**Mike Singleton**	Maari ninyong siguraduhing nakabukas ang inyong camera, andito tayo sa main room at maari ninyon imute o iunmute ang inyong sarili, ngunit gusto namin makita ang mga kamay ninyong nakataas kung ito'y posible. Ako rin ay magpapakita ng isang elemento dito. Ang mga larawan ay isang maganda paraan para isa-isa silang mapag-usapan. Nakikita ninyo bang lahat ang mga larawan ngayon? Maari ba ninyo akong bigyan ng thumbs up? Okay. Babalikan ko ang pinakasimula ng mga larawan. Ito ang mga kategoryang napasadahan ni Jacob kanina. Ang una ay ang Well-being Active Improvements. Ang isa sa mga gusto kong gawin, at hindi ko alam kung maipapakita ni Ryan ang iba't-ibang pahina para makita natin kung ilan sa inyo ang nakataas ang mga kamay sa ilang mga bagay. Gusto kong magkaroon ng bukas na talakayan, ngunit gusto ko ring magkaroon ng pangkalahatang ideya sa mga kung anu-ano ang naririto para ito'y marekord ang inyong mga opinyon sa patutunguhan ng parke.
	Mike Singleton	Maaring sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay sabihin ninyo kung gaano kaimportante ang grassy areas para sa inyo. At Ryan, kung maaari mong bilangin ang mga kamay na nakataas, papanoorin ko kayo. Mukhang may lima tayong naroroon. Ryan, mayroon ka bang…ikaw ay nakamute? Mukha bang tama ang bilang, Ryan?
42:56 - 42:59	**Ryan**	Oo. May kakaunting bilang ng tao na hindi nakabukas ang kanilang kamera, ngunit oo.
43:00 - 43:38	**Mike Singleton**	Okay. Ito'y hindi opisyal na botohan, ngunit gusto naming magkaroon ng ideya kung ilang mga tao ang…Gusto naming makasiguro na naisasali namin ang mga palaruan at… May palaruan kayo, ngunit maaari natin itong palakihin at isama ang iba't-ibang edad. Kaya ang mga hands-on playground. Gaano kaimportante ito para sa inyo? Medyo mataas and persyento, ngunit ito'y nakadepende kung mayroon silang mga anak at miyembro ng pamilya. Isa ito sa mga napakaimportanteng aspeto ng pagtukoy ng importansya ng palaruan.
43:29	**Ryan**	Mayroon tayong mga walo or siyam.

43:30 - 44:08	**Mike Singleton**	Okay. Paano naman ang splash pad? Alam kong ito'y naging popular dati noon ito'y ating napag-usapan. Mas kaunting tao kaysa sa aking inaasahan dahil ito'y naging isang popular na ideya dati. Malamala walo or siyam sa tingin mo? At ang waterfront promendade ay medyo palapit sa gilid, kung ito man ay nakabitin o ang pagdampi ng paa ninyo sa tubig. Gaano ito kaimportante sa mga taong andito, pakitaas ang inyong mga kamay.
44:09 - 44:19	**Mike Singleton**	Isang lakaran o takbuhan. Syempre mayroon ng mga lugar kung saan pwedeng maglakad, ngunit maari natin itong palawakin sa mga bagong parte ng parke na maari nating idagdag. Ito ba'y isang importante aspeto para sa mga taong andito ngayon?
44:20 - 44:53	**Mike Singleton**	At ang pag-iling ng ulo. Ngayon ay nakikita ko ang mga kamay na nakataas, sino ang mga umiiling ng ulo. Ang ibig sabihin ay oo. Parehas ng sayo Donald?At ngayon ay espasyong para sa iba't-ibang gamit, na ang ibig sabihin ay hard quarter o malambot na lugar na may grassy area na maaring gamitin para iba't-ibang paraan, para sa ehersisyo. Paano para ito para doon? Okay.
44:54 - 45:53	**Mike Singleton**	Ngayon ay ang pagkakataon para itaas ang inyong kamay para magdagdag ng mga bagay sa listahan sa ilalim ng kategoryan Well-being Active Improvements na tungkol sa mga aktibidad na para sa kalusugan at ehersisyo. Kung may iba sa inyo na gustong itaas ang kanilang kamay at iunmute ang kanilang sarili para magbanggit ng mga idea at Ryan maari natin itong itala. Mukhang nakataas ang kamay ni Frances. Maari mo bang iunmute ang sarili mo. At Donald ilalagay ka namin para dito. Hindi ko alam kung nahihirapan si Frances na iunmute ang kanyang sarili. Babalikan ko siya. Susubukan natin, Ang kamay ni Desiree Santos ay nakataas. Si Desiree ba ito o si Rachel?
45:54	**Desiree**	Oo, ito'y si Desiree.
45:55 -45:59	**Mike Singleton**	Okay, maari mo bang idagdag ito sa mga komento sa kategoriyang ito.
46:00 - 46:17	**Desiree**	Gusto kong magdagdag ng buhatan…hindi eksaktong lugar kung saan pwede magbuhat ng weights, ngunit sa ibang parke pangkomunidad, nakita kong meron silang lugar kung saan pwedeng magehersisyo para sa calisthenics at mga bagay na kagaya nito. Sa palagay ko ay magiging magandang magkaroon ng ganito
46:18 - 46:51	**Mike Singleton**	Ito'y popular sa mga parke na para sa mga taga Silangang Asya. Hindi sila dekuryente para pwede sila sa labas ngunit gagamiting mo ang inyong sariling enerhiya para tulungan kang maging mas nasa magandang kalusugan. Isa pang kamay, Jennifer? May gusto ka bang idagdag? Isa bang thumbs ang nakita ko para sa huling kategorya? Okay. At Donald, alam kong nakataas ang iyong kamay dati. Kung maari mong iunmute ang iyong sarili at sumali sa usapan. Ang pindutan para pag-unmute ay nasa ibabang bahagi. Maari din akong makiusap na mag-unmute ka. May makikita kang isang mensaheng lalabas.
46:52 - 47:00	**Donald**	Ayan. Maraming salamat. Dalawang bagay. Gusto ko ang nabanggit kanina ng isa nating kasama, teka isang segundo.
47:01	**Mike Singleton**	Isang bagay ito na pwede nating simulan.
47:02 - 47:43	**Donald**	Nakabukas ang aming telebisyon. Pasensya na. Nakabukas ang aming telebisyon. Nagustuhan kong ang nabanggit kanina tungkol sa lugar ng ehersisyo. Sa siyudad kung saan ako nakatira, may mga lugar pangehersisyo para sa mga matatanda. Napakagandang bagay na magkaroon tayo ng palaruan para sa mga kabataan, para magehersisyo. At pangalawa, ako'y nagbibisikleta at ang karamihan sa mga nagbibisikleta ay nagsisimula dito sa lokasyon na ito, nagbibisikleta sila mula sa Bay Area Bikeway o di kaya'y sa Sweetwater. Sa Coronado, may mga lugar na may mga pumps para sa bisikleta. At ang mga bisikleta ay nagmumula sa lokasyong ito. Ito ang isa mga bagay na gusto kong banggitin.
47:44 - 48:01	**Mike Singleton**	Magaling. At Frances, alam kong may gusto kang tanungin dati at maari bang makiusap na iunmute mo ang iyong sarili, maaring ito'y gumana sa iyo. Hindi pa rin gumagana? Paano diyan? May nakikita ka bang isang mensahe na nakikiusap na iunmute mo ang iyong sarili? Ayan.
48:02	**Frances**	Sa palagay ko ay gumagana na. Maraming salamat.
48:03	**Mike Singleton**	Ayan.
48:03 - 48:26	**Speaker 2**	Sa palagay ko ay gumagana na. Maraming salamat. Hindi niya ako pinapayagang magunmute. Gusto ko lang ibahagi ang aking pagsuporta sa mga native plant landscaping at kahit anong uri ng espasyong para sa tirahan ng mga hayop na magiging mainam para sa mga tirahang ng paro-paro at mga pollinators. At sa aking palagay ay maaring makabuti ang pagkakaroon nang ganitong klase ng mga landscaping para sa pagpapabuti ng mga lugar na ganito. Ako'y interesado sa pagsali natin sa mga tirahan natural kung ito'y maaring masali.
48:27 - 48:49	**Mike Singleton**	Okay. Mainam. Salamat. May ilan pa bang magtataas ng kamay. Titingnan namin ang bawat pahina. Ray Horres? Nagpapadala ako ng mensahe para makita kung kaya mong iunmute ang iyong sarili ngunit…
48:50	**Ray Horres**	Okay. Naririnig mo ba ako?
48:51	**Mike Singleton**	Oo.
48:51 - 49:43	**Ray Horres**	Okay. Ako'y isang masugid na mangbibisikleta, mga tatlumpung taon ko an itong ginagawa, ginagawa ko yung buong bay run at lahat ng mga magaganda bagay na nangyayari doon ngayon. Sa bay shore, na nakakonekta sa Imperial Beach, Chula Vista, National City, San Diego, nakikita ko ang mga tao mula sa Mission Valley, sa palagay ko'y maganda ito. Ang dati ko ng nabanggit ay ang mga ilaw, lalo na sa may Sweetwater River, kung maaring magkaroon, at alam kong may iba't-ibang jurisdiction na kasali dito. Kaya maaari silang magsimulang ilawan ang mga ito pag nagsimula ng magpunta sa ilalim ng mga tulay na ito, yung mga lugar na nailawan, lalo na dahil sa taglamig, kapag mabilis magdilim, para lang magkaroon ng ilaw, at mas makita mo ang paligid ng mas maayos. Sa palagay ko ay... at gustong-gusto ko ang mga air pumps. Maganda rin ito.

49:44 - 50:27	**Ray Horres**	At gusto kong makita kahit papaano na maaring maglagay ng karatula para paalalahanan ang mga tao sa pangunahing mga protokol sa pagitan ng mga lakaran at lugar para sa bisikleta, dahil sa aking palagay ay minsan hindi naiintindihan ng mga tao sila ay nasa right of way kaparehas ng bisikleta, lalo na sa mga pagkakataong ikaw ay may pamilya at dalawang bata na nakasakay sa bisikleta, kailangan mong huminto at magdahandahan. Alam ninyo ba ang aking sinasabi? Hindi ito lugar ng karera. Ito'y para magsiyahan tayo, at ito'y napakaganda. Ito ang sasabihin ko sa inyo, marami akong natatanggap na mga magagandang tugon mula sa mga komunidad, mula sa labas ng komunidad. At gusto kong magmungkahi na panoorin ninyo ang mga YouTube Ted talks tungkol sa pagbibisikleta.
50:28 - 51:02	**Ray Horres**	May lima, anim na video na sobrang ganda. Hindi ko alam kung alam ninyo yung Ted talk kung saan ikinukwento niya kung bakit natin kailangan ibahin ang ating mentalidad, na palagaing naka depende sa sasakyan. Lalol na kung ikaw ay pupunta lamang sa 7/11 para kumuha ng isang gallon ng gatas, hindi mo kailangan magsasakyan. Alam ninyo ba ang sinasabi ko? Mga ganitong bagay. At kung anu-ano ang mga benepisyo nito sa personal na aspeto, pangkomunidad, pangkalikasan at sa aking karanasan, sa espiritwal na aspeto, kasi kung ako'y nasa labas, ako'y natutuwa kapag ako'y may nakukuha magagandang mga komento.
51:03 - 51:28	**Ray Horres**	Ang sinasabi ko lang, na mga napag-usapan na, na ang air pump stations ay napakaganda. At muli, gusto ko lang banggitin , dahil napapansin ko ang mga pagbabago sa kung papaano ang interaksyon sa pagitan ng mga sasakyan at mga bisikleta. Sa aking palagay ay onti-onting nararamdam ng mga motorista na alam ninyo? Hindi sila mawawala at sa aking palagay ay mas magkakaroon tayo ng mas maraming mga interaksyong positibo. At...
51:29 - 51:33	**Ray Horres**	Ray, kailangan na nating umusad sapagkat marami pang ibang mga kalahok. Maraming salamat sa iyong suhestiyon.
51:34 - 51:38	**Ray Horres**	Ako'y magpapatuloy kung hindi ako hihintuin ngunit maraming salamat. Maraming, maraming salamat. Maraming salamat sa paggawa nito.
51:39 - 51:42	**Mike Singleton**	Cynthia, inunmute kita. May gusto ka bang idagdag sa kategoryang ito?
51:43 - 52:19	**Cynthia**	Maraming salamat. Ang aking karanasan ay sa healthcare nutrition. Ang espasyong ito ay konektado sa waterfront at maraming mga pangangailangang mula sa National City, partikular sa kabataang populasyon, ay tungkol sa kalusugan at kagalingan, ay may kinalaman sa nutrisyon. Ang espasyo ito ay nagbibigay ng akmang oportunidad para makonekta ang kabataan sa pinanggagalingan ng pakain na galing sa tubig. At sa downtown San Diego, maraming mga pangyayari kung saan ang mga mangigisda ay direktang nagbebenta ng isa sa mga lokal na mamamayan.
52:20 - 52:44	**Cynthia**	At doon sa palengke tuwing Sabado, maraming pagkakataon na ang mga siyentipiko ng UCSD ay nagkakaroon ng mga kaganapang kagaya ng meet your meal, touch tank, ito'y mga pangyayari bago magkaCOVID. Sa aking palagay ay may oportunidad na, dahil malapit sila sa tubig, na magamit ang mga espasyong andoon para maipakita sa ating mga anak ang mga masusustansyang pagkain, lalo na mga pagkaing galing sa dagat.
52:45 - 52:52	**Mike Singleton**	Magaling. Deserae, alam kong nakataas ang iyong kamay. Tingnan nating kung mauunmute mo ang iyong sarili. Ayan.
52:53 - 53:25	**Desarae**	May mabilis lang akong katanungan. Baka ito'y medyo malayo sa paksa. Anong gagawin ninyo sa populasyon ng mga walang bahay? Alam ko marami sila sa may downtown. At ang aking pagkakaalam ay sila'y dinadala kung saan-saan at nagkakaroon ng raids sa iba't-ibang lugar, ngunit hindi nito nahihinto ang migrasyon. Paano natin masisigurong malinis at ligtas ang parke, at masigurong sulit ang investment ninyo para dito.
53:26 - 53:57	**Mike Singleton**	Ito'y isang mapanghamong proyektong para sa maraming mga komunidad nitong mga nakaraang araw. Ito'y mahirap para sa mga nagdidisenyo ng parke, ngunit may mga katulad ng mga prinsipyong CPTEP kung papaano kayo makakasiguradong ang disenyo ng parke ay nakikita at ligtas. Ang pag-activate ng parke ay madala na nakatutulong sa paglilimita sa dami ng taong maaring... Lalo na ang mga taong natutulog dito. May mga bagay na maaari nating gawin na kailangan nating... Hindi ito madaling gawin.
53:58 - 54:32		Ako'y pupunta na sa susunod na slide. Kailangan nating umusad. Sa kategoryang ito ng passive water experience na nasa mga larawang andito ngayon sa screen. Ang ideya ng perched beach, anong tingin ninyo dito? Kung maaari kayong magtaas ng mga kamay muli, at Ryan, maaari mo bang bilangin ang mga kamay na nakataas? Muli, ang buhanging, hindi kayo maaaring magpunta sa tubig, ngunit mararamdaman ninyong kayo'y nasa tabingdagat at nasa gilid ng dagat, ngunit hindi ninyo maaaring ilagay ang inyong mga paa sa loob ng tubig. Okay. Mga ilan ang nabilang mo Ryan?
54:33 - 54:37	**Ryan**	Wala ako masyadong nakikitang mga nakabukas ang kamera. May nakuha lang akong dalawa, sa aking tingin ay onti lang mga kamera na nakabukas ngayon.
54:38 - 54:55	**Mike Singleton**	Muli, hindi ito isang opisyal na botohan, ngunit binibigyan ninyo kami ng kaunting ideay kung ano ang mga paksa na importante para sa mga kalahok. Deck sa ibabaw ng tubig, na maaaring naka-angat ng onti sa ibabaw ng tubig, na magmumukhang ang tubi ay nasa ilalim ninyo ng bahagya. Kamusta yun? Importante ba ito para sa inyo?
54:56 - 55:24	**Mike Singleton**	Okay. Mayroon na tayong kaunting bilang ng waterfront seating, ngunit maaari pa naman tayong magkaroon pa ng dagdag. Kamusta ba ito na karagdagang elemento para sa passive water experiences? At ang konsepto ng step seating na muli, hindi ninyo maibabahad ang mga paa ninyo sa tubig, ngunit kayo'y makababaha malapit sa tubi at maging lugar kung saan kayo maaring umupo at magmasid-maside. Kamusta ito para sa inyo?
55:25 - 55:58	**Mike Singleton**	Okay. Magaling. Ang viewing deck, sa palagay ko ay medyo halata naman ito at ang kakaibang pag-iilaw. Ito ang ilang mga bagay na maganda dito. Kamusta kapag pinagsama natin ang dalawang ito? Importante ba ito para sa inyo? Muli, bilangin natin ang dalawang ito Ryan, kapag may mga umiiling na ulo . Hinlalaki, kamay, kahit anong gawin ninyo para makuha ang aming atensyon. Okay. May mga gusto bang mag-offline at idagdag ito sa mga listahan ng mga bagay na nasa gilid ng tubig, ngunit sila'y passive na hindi kinakailangang katumbas ng paglangoy, ngunit passive kung saan pwede kayong magkaroon ng interaksyon sa tubig sa gilid-gilid?
55:59 - 56:07	**Mike Singleton**	Kahit sino? Alam ko Desarae, may gusto ka bang muling itanong sa paksang ito? Ikaw muna ang aking tatawagin dahil ikaw ang unang nagtaas ng kamay.

56:08 - 56:10	**Desarae**	Binilang ba ako sa boto dahil nagtaas ako ng kamay sa pamimili?
56:11 - 56:24	**Mike Singleton**	Hindi. Kung hindi nakabukas ang iyong kamera, medyo mahirap itong alamin. Hindi ko alam, Ryan binibilang mo rin ba ang mga kamay na nakatas? Mayroon kang isang taong nakataas ang kamay para sa regular na… Katulad nang nakikita mo kay Deserae ngayon?
56:25 - 56:30	**Ryan**	May mga nakita akong nakathumbs up. Tingnan natin kung…
56:31 - 56:56	**Mike Singleton**	Susubukan namin itong tingnan sa hinaharap. May ilan pa bang may gustong idagdag sa kategoryang ito? May ilan pa bang mga ideya na gusto ninyong isali namin? Alam ko nakataas ang kamay ni Desarae ulit. Ibig sabihin ba nito na may karagdagang mga ideya ka pa?
56:57	**Desarae**	Hindi.
56:57	**Mike Singleton**	Okay. Maraming salamat. Okay. May nakita ka pa bang ibang kamay ? Sherry, gusto mo bang, nakataas ba kamay mo?
57:05 - 57:11	**Ryan**	Ang bilang ay medyo pareho sa bawat kategorya. Mayroon tayong mga limang kalahok.
57:12 - 57:14	**Mike Singleton**	Okay. Sherry.
57:15	**Sherry**	Naririnig ninyo ba ako?
57:16	**Mike Singleton**	Oo.
57:18 - 57:36	**Sherry**	Nakita kong pinag-uusapan ninyo ang perched beach. Isang suhestiyon ay huwag itong gawin. Ang perched beach na inyong pinakita sa larawan ay ang lugar kung saan kami nakatira sa Pier 32 Marin at nagiging isang malaking cat box ito, na medyo nakakadiri.
57:37 - 58:12	**Mike Singleton**	Oo. Sa aking palagay ay hindi lahat yun galing sa pusa, maaaring may mga aso ring kasama, para maging patas sa parehong uri mg hayop, kailangang may pananatili ng lugar, sa aking palagay. May iba pa bang mga komento sa kategoriyang ito? Okay. Dumako naman tayo sa mga event supporting improvements. Ito'y isa sa mga lugar kung saan pwedeng magkaroon ng iba't-ibang klaseng pagtitipon. Maaari itong magmula sa malaking pasilidad na makatatanggap nang malalaking mga pagtitipon sa may waterfront. Maaari ring magkaroon ng maliliit na pagtitipon kagaya ng kiosco o di kaya'y kahit group picnic areas.
58:13 - 54:47	**Mike Singleton**	Sabihin nating dahil sa pagkakaroon ng iba't-ibang gamit nito, tinatawag ito ng ilan na bandstand, ngunit ang ilan naman ay kiosco. Gaano kaimportante para sa inyo na ang parke ay maaaring maging lugar ng iba't-ibang espesyal na pagtitipon? At Francis, nakikita kong nakataas ang kamay ng iyong sanggol sa likod, hindi ko alam kung yan ay... Hindi siya masyado malinaw mula sa posisyon ko. Okay. Mukhang maramirami ang bilang ng mga taong nagtaas ng kanilang mga kamay para sa paksang ito. At ang multipurpose stage naman na maaaring gamitin para sa musika, amplified music, o hindi kinakailangang amplified music it, ngunit ito'y maari. Gaano kaimportante ito para sa lahat?
54:48 - 59:43	**Mike Singleton**	May nakikita akong sumasang-ayon na nagmumula kay David. Magaling. Kamay, hinlalaki, mga umiiling na ulo, pagtaas ng kamay, lahat ito'y katumbas ng isang boto. Okay. Ang isang gusali para sa pagkain at inumin kung saan pwede kang bumili at kumain dito. Ang isang outdoor plaza space. Napag-usapan na natin ito, maaari kayong gumawa ng mga nakatutuwang mga hugis sa mga shipping containers at maraming ganito sa lugar ni Pasha, maari ring magkaroon ng deck sa itaas nito. At maaari rin itong lagyan ng maliliit na mga espasyo sa labas na nasa taas ng gusali o di kaya'y katabi ng gusali. Gaano ito kaimportante para sa waterfront?
59:44 - 1:00 55	**Mike Singleton**	Hindi masyado maraming kamay ang nakataas para dito. Ang festival space ay maaaring maging malaki, bukas na lawn areas, kailangan lang nating siguraduhin na kaya ninyo magkaroon ng mas malakilaking festival katulad ng Mariachi Festival, na isang problema. Ang nangyari sa National City ay nagubusan sila ng kapasidad at nawala sa kanila ang pagtitipong ito. Ang karagdagang dalawa't kalahating acres ay maaaring sumuporta sa mga malalaking pagtitipon. Gaano kaimportante ang festival space kung saan maaaring sumalo sa mas malaking mga pagtitipon? Itaas ninyo ang inyong mga kamay para dito. At panghuli para sa group picnic areas, may mga ganitong klaseng lugar dito, ngunit maari pa natin itong palakihin ng mas malaki sa parke ngayon. Ito ba'y importanteng asset at amenity para sa lahat ng kasali ngayon? Okay. Ngayon ang pagkakataon para sabihin ninyo ang mga bagay na gusto ninyong idagdag ukol sa mga karagdagang pagtitipon. Mukhang nakataas ang kamay ni Michelle. Ayan.
1:00:56 - 1:00:57	**Michelle**	Hindi, pasensya na. Tinaas ko lang ang kamay ko.
1:00:58 - 1:01:05	**Mike Singleton**	Okay. Ikaw naman Cynthia. Nakataas ba ang iyong kamay?
1:01:06 - 1:01:49	**Cynthia**	Oo. Yung mga kaganapang regular at isa sa mga bagay na kulang sa National City ay ang farmer's market, fisherman's market. Yung mga kaganapang regular na makakapag-anyaya sa mga tao na pumunta malapit sa tubig. Maganda ring magkaroon ng mga espasyo para sa mga negosyong maaaring biglaang itayo, mga negosyong nakatuon sa pagkain sa San Diego at National City, pasensya na.
1:01:40 - 1:01:49	**Mike Singleton**	May iba pa bang karagdagang suhestiyon tungkol sa kategoryang ito? Mukhang may gustong sabihin si Damien.
1:01:50 - 1:02:14	**Damien**	Imbis na gumawa nang mga engineering buildings, mga imprastraktura, katulad ng nabanggit ni Cynthia, ang paggawa ng farmer's market, ang pag-imbita sa mga lokal na food trucks na dumalo ng ganitong klaseng mga pagtitipon, na maaaring makapang-engganyo nang maraming tao sa mga pagtitipong gaya nito, kaysa mamuhunan sa isang nakapirmeng imprastraktura.

1:02:15 - 1:03:18	**Mike Singleton**	Oo. May saysay ang iyong sinabi. Iniisip ko kung ang magandang lugar na pwedeng paggawaan nito ay sa gitna ng parke at ng Pier 32. Para pwede kang makapang-engganyo ng mga taong galing sa parehong direksyon. Okay. Mayroon pang mga ideya tungkol sa paksang ito? At pagpasensyahan ninyo na ako kung hindi ko nakita ang kamay ninyong nakataas para sa paksang ito, ngunit ako'y dadako na sa kabilang paksa para hindi maputol ang huli nating paksa. Okay. Educational Improvements. Ito'y tungkol sa mga karatula, ngunit ito'y tungkol din sa inyong mga karanasan sa kapaligiran at matuto dito gamit ang pagbabasa ng mga karatula. May malawak na mga elementong andito ngayon. Tayo'y dumako agad dito, mayroon ba kayong nakikita sa listahan na pumukaw sa atensyon ninyo na gusto ninyong talakayin? Ngayon Deserae, kanina pa ba nakataas ang iyong kamay o may gusto ka bang talakayin ngayon?
1:03:19 - 1:03:21	**Desarae**	Dalawa lang aking nakikita.
1:03:22 - 1:03:26	**Mike Singleton**	Okay. Maaari ko itong paliitin ng kaunti. Okay ba yan sayo?
1:03:27 - 1:03:31	**Desarae**	Oo. Medyo. Nakikita ko ang dalawa't kalahti ngayon.
1:03:32 - 1:03:33	**Mike Singleton**	Okay.
1:03:34	**Desarae**	Mayroon pa bang may ganitong problema o ako lang?
1:03:35 - 1:03:40	**Mike Singleton**	Nakikita mo ba ang tatlong hanay?
1:03:41 - 1:03:44	**Desarae**	Apat ang nakikita ko ngayon.
1:03:45	**Mike Singleton**	Ah talaga? Wow.
1:03:45 - 1:03:48	**Desarae**	Baka ako lang ito. Hindi ko alam. Baka may iba ring ganito ang nakikita.
1:03:49	**Mike Singleton**	Maliit ang aking screen.
1:03:50 - 1:03:52	**Desarae**	Ah, okay. Ako lang ito.
1:03:53 - 1:03:58	**Mike Singleton**	Okay, Jennifer?
1:03:59 - 1:04:16	**Jennifer**	Ang naiisip ko ay mayr mga magandang estrakturang ka ng andyan sa waterfront na nakakaakit ngunit ang mga karatulang pang-edukasyon, nakikita ko ang mga posters sa una, yun ba ang sinasabi ninyo, katulad ng posters…
1:04:17 - 1:04:56	**Mike Singleton**	Madalas namin silang tawaging interpretive panels, na umaangat. Iyan ay isang permanenteng panel na nakapirmi sa lugar at may pinipili itong paksang pinapaliwanag. Maraming mga taon hindi nakaaalam ng malalim na kasaysayan ng waterfront kung paano ito nagbago mula sa ipinatayong orihinal na wharf. Marami ng nangyari dito. At maski ang lagoon ay ang hindi nito orihinal na pwesto. Marami dito ang hindi nasa orihinal na pwesto maliban sa orihinal na whart. Kaya maraming mga storyang pwedeng ikwento, maaaring ito'y kultural, at magbalik tanaw kasama ang mga Native Americans, at maaaring mas malapit sa kasalukuyan. Maaaring tungkol sa wildlife, lahat ng bagay.
1:04:57 - 1:05:06	**Jennifer**	Iniisip ko na ukol sa mga kabataan, magkaroon nang mas interactive na uri ng karanasang pang-edukasyon. Ito'y magiging maganda.
1:05:07 - 1:05:18	**Mike Singleton**	Oo, magandang punto yan. Hindi ito isang karatulang di gumagalaw na maaaring maging interactive at kinetic. Okay. Tingnan natin. Cynthia may gusto ka bang idagdag? Okay.
1:05:19 - 1:05:43	**Cynthia**	At may ilang mga waterfront areas na may kamerang pwede sa ilalim ng tubig na nagpapakita ng mga bagay na nasa ilalim ng dagat sa mga taong nasa waterfront para sila'y magkaroon ng kaalaman. Sa tingin ko ay maganda itong pangdagdag kaalaman lalo na sa mga mas batang populasyon dito
1:05:44 - 1:06:02	**Mike Singleton**	Oo. Maaari tayong maglagay nang ganitong bagay sa loading dock kung saan tayo maaaring magpatayo nito, para makapagtipon-tipon ang mga tao at makita kung ano ang nasa ilalim ng dagat ngayon. Okay. Jennifer?
1:06:03	**Jennifer**	Naka-unmute ba ako? Okay.
1:06:04 - 1:06:08	**Mike Singleton**	Oh?
1:06:09 - 1:06:17	**Jennifer**	Dati, mayroong gusali na maaaring magpunta ang mga tao upang matuto ng mga bagay-bagay. Ang gusaling ito ba ay mananatili dito?
1:06:18 - 1:06:19	**Mike Singleton**	Ang pinag-uusapan ba natin ay ang aquatic center?
1:06:20 1:06:21	**Jennifer**	Sa aking palagay ay oo.
1:06:22	**Mike Singleton**	Ah. Okay.
1:06:22 -1:06:41	**Jennifer**	Dahil maraming lugar na may interpretive, ang tawag sa kanila'y interpretive centers, kung saan sila'y maraming pang-edukasyon…Ito yung mga lugar na may mga kamera, kung saan may mga karatula na nagpapaliwanag ng kasaysayan. Naisip ninyo ba ito? Hindi parang museo, ngunit hindi ko alam paano ko...Para siyang interpretive center.
1:06:42 - 1:06:44	**Mike Singleton**	Oo.
1:06:45 - 1:06:54	**Jennifer**	Ang aquatic center ba ay para lamang sa mga bagay na pangtubig o may naiisip ninyo bang… Posible kayang magkaroon ng lugar para sa karagdagang kaalaman?
1:06:55 - 1:07:25	**Mike Singleton**	Ito din ay ipapatayo bilang isang espesyal na event center. Maaari itong maging parte ng espesyal na event center. Maaari itong mas maging nasa deck kung saan mo matatanaw ang lo-ok na may tirahan sa ibabaw nito. Maraming paraan ng paggawa nito. Nagkaroon na dati ng pag-uusap na ang Granger Hall ay ililipat doon. Maaari kang magkaroon ng music event center na maaari ring maging educational mula sa perspektibo ng musika at siyensya na kaakibat ng musika. Maraming mga magagandang ideya dito. Okay.

1:07:26 - 1:08:23	**Mike Singleton**	Alam kong may tatlong minuto na lamang tayong natitira, kaya dadako na ako sa panghuling paksa. At ito'y tungkol sa access. Maaari ninyo bang ipaliwanag kung nahihirapan kayo sa pagbaba sa, o di kaya'y kapag nais ninyong bumaba doon paminsan-minsan ngunit kayo'y di komportable sa paglalakad at sa ilalim ng 1-5. At maaari ninyong ibahagi ang inyong mga karanasan at kung kinakailangang magbigay nang karagdagan atensyon sa pagpunta doon, pati na rin ang pagbibigay ng mga pagpipilian kung paano pupunta doon. May mga nagtataas ba ng mga kamay para rito. Okay. Damien? Nakararanas ka ba ng problema sa pag-unmute nang iyong sarili? Maaari mo bang iunmute ang iyong sarili? Makatatanggap ka ng mensahe. Okay.
1:08:24 - 1:08:41	**Damien**	Hi. Kakalipat lang namin sa National City. Mga limang buwan na kaming nakatira rito. Ang tanging paraan na kami'y nakakapunta doon ay gamit ang sasakyan at kahit kami'y nakasasakyan ay medyo nakakatakot magpunta doon galing sa isang siyudad. Kaakibat ng–
1:08:42	**Speaker 3**	San Diego City.
1:08:43 - 1:09:23	**Damien**	Ang ibig kong sabihin ay San Diego City. Hindi namin kailangan pumasok sa isang sasakyan. Kaya gusto ko lahat ng mga nakikita kong larawan na nagpapakita ng mga magagandang pagbabago. Sa palagay ko ay kinakailangan talagang magkaroon ng mga pagpapaganda sa larangan ng transportasyon. Hindi ako masyado sang-ayon sa mga pagpapaganda ng mga paradahan, lalo na dahil pababa ng pababa ang presyo ng mga sasakyan kada taon. At isa pang gusto kong itanong ay kung nasa silangang bahagi ako ng Walmart Super Center, paano ako makakapunta diyan, sa pamamagitan ng pagbibisikleta o paglalakad?
1:09:24 - 1:10:09	**Mike Singleton**	Nakasalalay yan sa Mile of Cars at ang Bay Marina Drive ang tanging kumokonekta sa I-5. Andyan din ang 19th Street, na maaari mong tahakin para makarating sa tulay sa lokasyong ito. Yan ang dalawang maaari mong tahaking ruta. Gusto ko ring magtanong kung may tulay pagtao na ipinatayo na makasusuporta ng bisikleta at mga pedestrian na galing sa 24th Street Trolley Station at bumaba papunta sa mga bakanteng lote diyan, kung nasaan ang Bayshore Bikeway, sa tingin ninyo ba ay mapapaganda niya ang accees dito at gagamitin ba talaga ito ng mga tao? Magtaas lang kayo ng mga kamay kung interesado kayong makita ang ganitong klaseng bagay na mangyari.
1:10:10 - 1:10:38	**Mike Singleton**	Hindi ito murang gawin, ngunit may pera at maaari itong pag-aralan sa susunod na mga araw. May dalawa o tatlong kamay akong nakitang nakataas para dito. Gusto naming makasigurong tama ang bilang namin para sa paksang ito. Okay. Okay. May iba pa bang kategorya kayong gustong idagdag dito? Alam kong tayong aalis na rito, o di kaya'y sasamahan tayo ng ibang mga tao.
1:10:39 - 1:11:06	**Cynthia**	Sa lugar na may access, balik tayo sa paksa ng di paggamit ng mga sasakyan, sa aking palagay ay maganda ang mga sasakyan ngunit maaari din nating isipin ang mga sasakyang gumagamit ng kuryente, bisikletang de-kuryente at mga ganitong klaseng bagay. At mag paniniguradong may mga ipatatayong mga charging stations na maaaring pamalit sa sasakyang de-gasolina.
1:11:07 - 1:11:14	**Mike Singleton**	Magaling. Okay. Okay. Pakinggan nating muli si Damian.
1:11:15 - 1:11:17	**Jacob Leon**	Kamusta Mike. Pabalik na tayong lahat sa main room.
1:11:18 - 1:11:31	**Mike Singleton**	Okay. Tumigil na tayo. Ryan, maaari mo bang ipadala sa aking ang iyong mga notes. Makatutulong ito sa paggawa ng briefing. Maari mo pa itong ipadala sa mike@ktua.com?
1:11:32 - 1:11:33	**Ryan**	Oo. Ipadadala ko ito Mike.
1:11:34 - 1:11:35	**Mike Singleton**	Maraming salamat.
1:11:36 - 1:11:43	**Jacob Leon**	Maraming salamat Mike. Maaari mo bang itigil ang pagpapakita ng iyong screen, Mike? Para maka-usad na tayo sa…Pwede na tayong magdebrief.
1:11:44 - 1:11:45	**Mike Singleton**	Ayan.
1:11:46 - 1:12:05	**Jacob Leon**	Gusto ko lang paalalahanan ang lahat na sila'y nasa tamang language channel. Kung pinili ninyo ay Tagalog o Espanyol, maari ninyong ipagpatuloy ang interpretasyon na ito.
1:12:06 -1:12:25	**Jacob Leon**	Maghihintay tayo ng ilang minuto bago ko simulang ang pagdedebrief. Naging maganda ang aming talakayan sa aking kwarto at mukhang ang lahat ay abala sa pagbabahagi nang kanikanilang mga ideya sa ibang kwarto.
1:12:26 - 1:12:51	**Jacob Leon**	At maaari ninyong ipagpatuloy ang pagbabahagi ng inyong mga ideya sa chat window. Idodownload namin ang chat at ito'y magiging bahagi ng buod na aming gagawin, kung kaya't maging malaya kay na ipagpatuloy ang pagdadagdag ng notes sa chat.
1:12:52 - 1:13:02	**Jacob Leon**	Kamusta Juan, Jorge, maligayang pagbalik. Sana'y naging maganda ang inyong talakayan sa inyong kwarto. Nakikita ko si Stephan at Lesley, bumalik kayong lahat. Magaling.
1:13:03 - 1:13:07	**Stephen Nunez**	Oo. Magandang talakayan. Magandang-maganda ang mga komento.
1:13:08 - 1:13:15	**Jacob Leon**	Okay. Kailangan lang nating maghintay ng ilang segundo bago natin simulan ang pagdedebrief.
1:13:16 - 1:13:19	**Jacob Leon**	Juan maaari mo ba akong bigyan ng thumbs up? Tama ka ba? Tama ba ang naririnig mong pagsasalin?
1:13:20 - 1:13:22	**Jacob Leon**	Oo. Salamat.
1:13:23 - 1:13:33	**Juan Alberto Bonilla**	Ibang lenggwahe
1:13:34 - 1:13:52	**Jacob Leon**	Muli, isang paalala, maging malaya kayo sa pagdadagdag ng mga ideya sa chat. Ang lahat ng ito ay maisasama sa rekord.

1:13:53 - 1:14:23	**Jacob Leon**	Magaling. Anna, ikaw ang aking naging tagatala. Maganda ang aking naging listahan, may mga inalis akong ilang bagay, May mga isinulat akong mga importanteng bagay na mukhang maraming sumasangayon sa aming kwarto. Kung kaya't sisimulan ko na ang pagdedebrief at kung may mga gusto pa kayong idagdag, maaari kayong magsalita. At ngayon sisimulan ko na ang pagdedebrief at sundan ninyo ito. Si Mike ang susunod pagkatapos ko tapos dadako tayo kay Juan, at si Stephan ang magsasara ng ating pagdedebrief.
1:14:24 - 1:15:26	**Jacob Leon**	Magaling. Salamat sa lahat ng lumahok sa aking kwarto, ikinatutuwa ko ang lahat ng inyong ibinahagi. Sa aking palagay ay maraming mga pagsangayon sa aking kwarto, ngunit may mga ideya ang ilan sa kinabukasan ng Pepper Park. Ang isa sa mga bagay na aming napag-usapan ay tungkol sa mga bakanteng espasyo at ang ideya ng hindi pagpuno ng espasyong ito masyado ay isa sa mga naging importanteng bagay na nabanggit. Ang isang nabanggit na konektado sa bakanteng espasyo ay ang paradahan, kung saan kailangan siguraduhing mapag-aralan nating mabuti kung gaano kalaki ang kailangang paradahan para hindi nito masapawan ang mga plano para sa mga bakanteng espasyo sa parke. Sa tingin ko ay madaming sumasangayon sa kwarto namin tungkol dito. Marami kaming narinig tungkol sa pagiging pampamilya ng espasyo at ang paninigurong ang design features katulad ng mga palaruan o mga interactive elements ay para sa kabataan, pamilya dahil alam naman nating maraming pamilyang gumagamit ng Pepper Park. At gusto ng aking grupong magkaroon ng pagtuon sa pagpapalaki ng parke.
1:15:27 - 1:16:37	**Jacob Leon**	Kaakibat nito, may mga naging komentaryo tungkol sa… Sa tingin ko'y napakagandang may nagbanggit nang, "gawin natin itong parang tahanan," na ang parke ng National City dito sa waterfront. Sa tingin ko'y isa itong komentong sinasang-ayunan ng karamihan sa aming grupo. May isang kalahok na natuwa sa waterfront ngunti siya'y nagtanong nang, "May oportunidad ba na magkaroon rin ng tubig sa parke?" Sa tingin ko ay maraming magaganda elemento na maaaring isama na konektado sa educasyon at interaksyon, ngunit hindi lamang sa pamamagitan ng paglalagay ng tubig sa gilid ng tubig, pati na rin ang paglalagay nito sa mismong parke. Sa tingin ko ay pwede pang pag-isipan ang elementong ito. Sa aming chat at sa mga nagbahagi ng kanilang komentaryo ang pagkakaroon ng inklusibong palaruan, aksesibilidad, at hindi lang ang pisikal pati na rin ang sensory. May mga taong nais ng, mapapang-amoy man o tunog o di kaya'y ang abilidad na maging nasa kalikasan, at alam naman nating may mga pag-aaral tungkol sa magagandang epekto ang kalikasan sa ating katawan at pag-iisip.
1:16:38 - 1:17:35	**Jacob Leon**	Sa tingin ko ay may naging magandang pagsangayon tungkol sa pagkakaroon ng parke na para sa iba't-ibang tao, inklusibo, at pantay na karanasan para sa lahat sa Pepper Park. Magaling, sa aking palagay ay may naging pagsangayon din sa pagkilala sa kasaysayan ng mga katutubo, ito man ay sa pamamagitan nang pagtatanim, sining, karatula, at pati na rin mga pagtitipon. Sa tingin ko ay walang katanungan tungkol dito. Gusto naming palawaking pa ito at siguraduhing maging parte ito ng storya ng Pepper Park. Ang huling komento ay tungkol sa timeline at budget. Ang ilan sa mga nasa grupo ko ang nagtanong ng, "Ano ang timeline?" Ang hiling nila ay ang pagkakaroon ng bukas na linya para sa komunikasyon at ipagpatuloy ang pagiging transparent at para masigurong magawa ang mga ito ng nasa tamang oras. Maraming salamat sa lahat ng kalahok ng aking grupo. Sana'y nabanggit ang lahat ng mga elementong ating napag-usapan. Anna, may gusto ka bang idagdag na aking nakaligtaan na gusto mong ibahagi?
1:17:36 - 1:17:53	**Anna Buzaitis**	May idadagdag lang sana ako, dahil narinig ko sa ibang mga kalahok ang tungkol sa pagakakaroon ng iba't-ibang klaseng pagkain, mga snacks, o ang pagkakaroon ng snacks para sa mga siklistang nasa parke, lalo na mga masusustansyang pagkain o mga pagpipiplian ng pagkain sa parke.
1:17:54 - 1:18:05	**Jacob Leon**	Tama yun. Maraming salamat sa pag-alala nito. Magaling. Ngayon ipapasa ko na ang pagkakataong magsalita kay Mike Singleton. Salamat sa aking grupo, maraming salamat. Hahayaan kong si Mike ang magpatuloy ng debrief.
1:18:06 - 1:18:33	**Mike Singleton**	Magaling, salamat Jacob. Pinasadahan namin ito at tiningnan kong ilang kamay ang nakataas para sa bawat larawan para makita namin kung gaano kapopular ang bawat paksa gamit ang mga larawan. Ang promenade at ang panglabas na workout area ay medyo importante at may katuturan na ang panglabas na workout area ay katabi ng mga palaruan, para maaari mo ring panooring ang inyong mga anak.
1:18:34 - 1:19:30	**Mike Singleton**	Ang splash pad ay popular din. Ang mga pasilidad na pangbisikleta at amenities, may dalawang taong nagsabing ang lahat ng mga nagbibisikleta at nagsisimula at nagtatapos dito at ang mga hinihintuan nila ay nasa Bayshore drive mismo. Mga pasilidad katulad ng air pump stations, maganda pag-iilaw, lalo na sa gabi kapag ito'y ginagamit ng mga tao. Nutrisyon, ang koneksyon dito ay ang wellbeing kaya ito'y tungkol sa magandang nutrisyon at ang pagkonekta ng ideya na ang pagpunta dito sa parke na may kinalaman sa bay at sa tubig mula sa partikular na perspektibong ito. Sa panig ng passive water experiences, ang perched beach, may nagbanggit na nakatira sa lugar na ito, na ito'y madalas na nagiging cat box kung kaya madalas hindi mo alam kung ano ang iyong tinatapakan kaya isang isyu ay ang maintenance. Ang farmer's market din ay isa sa mga potensyal na ipatayo sa may waterfront.
1:19:31 - 1:20:09	**Mike Singleton**	Ang isa sa mga popular na ideya ay ang paglalagay ng food trucks imbis na mga permanenteng estraktura. Ang isa pang popular na ideya ay ang mga kiosko na may iba't-ibang gamit. Ang festival space ay importante rin para sa mga tao. Muli ang pagkakaroon nang pagkain at inumin ay nabanggit din sa paksang ito ngunit katulad ng nabanggit, marahil ay ang pagkakaroon ng food trucks, at food trucks na nasa gitna ng marina at ng parke mismo ay maaaring makapang-engganyo ng mga taong galing sa iba't-ibang direksyon. Ukol naman sa edukasyon, ang ideya ng pagkakaroon ng interpretive center o ang interpretive deck o isang estraktura sa ibabaw ay ilan sa maaaring pwedeng gawin para ito'y di lamang isang karatula.

1:20:09 - 1:21:07	**Mike Singleton**	Ang ideya ng kinetics at ang pagbabago ng anyo ng mga bagay para ito'y mas maging pisikal na maaaring lakaran at maging behikulo ng kaalaman para sa mga bata ay maaaring ipatayo sa center. Sa ilalim ng access, medyo mahirap talagang magpunta sa lugar na ito maliban na lamang kung ikaw ay may sasakyan, kaya ang mga tao ay...Napaisip ako tungkol sa tulay pangtao na nakakonekta sa I-5, ilang tao kaya ang gagamit nito? May isang katlo ng kalahok ang nagtaas ng kanilang kamay ngunit alam ng lahat na ito'y medyo magastos. Ang pagkakaroon ng mas maraming paradahan ng sasakyan ay hindi masyado popular. Ang sabi ng ilan, "Marami ka ng paradahan, kailangan natin himukin ang mga taong pupunta dito na gumamit ng iba't-ibang pamamaraan ng pagpunta." Ito ang ilan sa mga paksang napag-usapan. Ang ilang paksa, ay hindi na namin matutukoy, ngunit ang lahat ng ito ay nasa notes namin at kung gusto ninyo itong idagdag sa chat box para ito'y maisali nila sa notes. Salamat sa lahat ng nasa breakout group namin. Ako'y nagpapasalamat sa laht ng inyong ibinahagi.
1:21:08 - 1:21:20	**Jacob Leon**	Salamat Mike. Mukhang maraming mga pareparehong ideyang galing sa inyong kwarto. Dumako naman tayo kay Juan. Iunmute ang iyong sarili at ibahagi ninyo sa amin ang mga naging talakayan ninyo sa inyong kwarto.
1:21:21 - 1:21:24	**Juan Alberto Bonilla**	Nariirnig ninyo ba ako?
1:21:25	**Jacob Leon**	Oo. Nariirinig ka namin.
1:21:26 - 1:22:34	**Juan Alberto Bonilla**	Okay. Ayan. Ang isa sa mga ikinabahala o ang isa sa mga naging paksa sa aming grupo ay ang kagustuhan ng komunidad na magkaroon pa ng mas maraming green space. Nabahala ang ilan na ang mga gusaling nakaplano, katulad ng community center, ay maaaring malaki ang sakuping bukas na espasyo. Isa ito sa mga ikinakabahala ng grupo. Ang isa pa ay ang pagpapaganda ng access papunta sa parke at paniniguradong ang paradahan, lalo na ang bayad sa pagparada ay makatuwiran dahil kahit na ang pagparada ngayon ay libre, kapag may mga pagtitipon ay naniningil sila at medyo mahal ito. Kung kaya't hindi nito naeengganyo ang maraming taong magpunta dito dahil hindi nila kaya ang presyo ng pagparada kung kaya't sanay makatuwiran ang multa sa pagparada at siguraduhing kayang magbigay ng paradahan sa bisikleta para maengganyo ang mga taong gumamit ng bisikleta.
1:22:35 - 1:23:14	**Juan Alberto Bonilla**	Natuwa rin sila sa pagpapakabit ng mga karatula at mga bagay na may educational components, at iba't-ibang klasend sining sa parke dahil sa tingin nila ay magiging mas interesante ang buong promenade dahil dito. Ang isa rin sa pinaka-interasante para sa mga miyembro ng aking grupo ay ang pagkakaroon ng pagkakataong maging parte ng paggawa ng sining dahil nagawa na nila ito sa ibang proyekto sa National City, at ito ang magbibigay daan para magkaroon sila ng sense of ownership sa parek dahil kabilang ang komunidad sa buong proseso.
1:23:15 - 1:24:15	**Juan Alberto Bonilla**	Pinag-usapan din namin ang paglalagay ng mga ilaw, ngunit solar lighting, para makadagdag sa pakiramdam na sila'y ligtas lalo na sa gabi at sa hapon, ngunit tayo pa rin ay nananatiling environmentall friendly. At nagustuhan din nila ang pagkakaroon ng snack bar o isang lugar kung saan maaarin bumili ng pagkain ang mga tao ngunit madalas ang mga lugar na ito ay nagbebenta nang... isang produkto na kadalasan ay sobrang mahal, kung kaya't ang karamihan ng taong nagpupunta ay di na lamang bumibili dito pag sila'y nasa parke. Ito ang isa sa mga bagay na kailangan pang pag-isipan natin. At panghuli, sa tingin ko ay... May isang katanung ang karamihan sa amin, gusto nilang malaman kung ang mga nakaplanong gusali, katulad ng mga community centers, ay talaga bang ipapatayo o ito ba'y nasa planning phase pa lang? Yun ang ilan sa mga katanungan/ikinababahala ng aming grupo.
1:24:16 - 1:24:32	**Jacob Leon**	Magaling. Salamat Juan. Sa palagay ko ay ito ang ilan sa mga komentong kaya kong sagutin sa katapusan ng ating workshop. Salamat Juan, at sa iyong grupo para sa lahat ng komentaryo, nagpapasalamat kami para dito. At panghuli, Stephen, dumako tayo sa iyo at kay Lesley, ano ang mga nagingpaksa ng inyong pag-uusap?
1:24:33 - 1:25:31	**Stephen Nunez**	Magaling. Salamat. Naging maganda ang aming talakayan. Maraming mga interesanteng paksa. Ako nagpapasalamat sa lahat ng mga nagsalita. Katulad ng nabanggit ni Mike, hindi ko mapapasadahan lahat ng mga naging talakayan namin sa debrief na ito, ngunit tatalakayin ko ang mga mas importanteng bagay na napag-usapan. At naging magaling si Lesley sa pagtatala ng lahat ng ito kung kaya't andito ang ibinahagi ng lahat. May dalawa sa aming grupo na gustong makakita ng community garden sa parke at pagtuonan ang ilan sa mga educational pieces nito. Ito ang ilan sa mga bagay na gustong makita ng mga tao. May ilang mga komentong tungkol sa paradahan, lalo na ang paradahan ng bangka, gustong makasiguradong ang paradahan ay mapapanatili at may sapat na paradahan para sa mga magdadala ng bangka sa lugar na ito. Ngunit meron din namang usap-usapan tungkol sa pagbabalanse ng paradahan at ng mga iba't-ibang kalse ng gamit para sa iba't-ibang mga tao. Hindi lamang paradahan ng bangka kung para rin sa iba.
1:25:32 - 1:26:35	**Stephen Nunez**	May ilan ding mga komentong tungkol sa pagiging limitado ang laki ng parke at kung gagamitin natin ito sa ibang paraan na makapang-eengganyo pa lalo ng mga tao, kung kaya't kailangan talaga ng karagdagang paradahan at mga drop-off areas para sa ibang klase ng ride sharing at para sa iba pang paggamit at pagpunta sa parke. May isa ring ideya na baka pwedeng magkaroon ng survey para malaman kung gaano kadami sa espasyong pangbangka ang nagagamit nang madalas para magkaroon tayo ng ideya tungkol dito. Mayroon ding mga komento tungkol sa access dahil medyo nakahiwalay ang Pepper Park at para mapaganda ang pagkakonekta nito para sa mga siklista na gumagamit ng Bayshore Bikeway, gusto nilang magkaroon ng direktang access sa parke kahit ang pagbibigay ng access gamit ang wetland areas, gamit ang mga lakarang naka-angat na may limitadong epekto para magkaroon ng mas madaling access para sa mga siklista at pedestrian at iba pang grupo ng taong gustong magpunta sa parke.

1:26:36 - 1:27:55	**Stephen Nunez**	Tinitingnan ko ang ilan pang mga napag-usapang paksa. Mayroon ding mga komento tungkol sa water features. May isang komento tungkol sa pagdadadagdag ng fountain, isang fountain na may musika na may iba't-ibang gamit para sa iba't-ibang tao. Ito'y para maging inklusibo para sa iba't-ibang edad at para magkaroon ng tubig sa parke. At mayroon pang ilang mga komento na kailangang ng dalampasigan o isang uri ng access sa tubig at sa pakiramdam nila ay wala pang ganitong klaseng lugar sa National beach at gusto nila itong makita dito. Ang ideya tungkol sa boat ferry ang isa sa mga nabanggit na gustong-gustong makita ng mga tao. May ilan pang mga komento tungkol sa ideya ng kiosko, at ito'y kanilang nagustuhan sapagkat maaari itong magbigay buhay at makadagdag sa mga aktibidad gawa ng mga pagtatanghal sa parke at ang pagpapanatili ng mga grassy areas para sa iba't-ibang gamit, para sayawan o picnic at ilang pang mga bagay kagaya nito. At mayroon pang mga komento tungkol sa Kumeyaay at ang pagkilala sa mga komunidad ng mga katutubo sa parke. Marahil ay ang pagkakaroon ng pangalan ng parke na kumikilala sa mga Kumeyaay at mga katutubo. Ito ang ilang mga paksang napagusapan na maaari nating kilalanin sa parke. Ito ang ilan sa mga paksang napag-usapan, at sa aking palagay ay ito ang ilan sa mga importanteng bagay na nabanggit, at muli, maaaring hindi ko nabanggit lahat.
1:27:56 -1:28:50	**Jacob Leon**	Magaling. Maraming salamat, Stephen at Lesley para sa inyong grupo. Sa tingin ko ay maraming pagkaparepareho ng mga ideya, na sa aking palagay ay maaari nating pag-aralan ang mga disenyo bilang isang pangkat. Kailangan nating pag-aralan ang mga ito. Nakatutuwa ang panahong ito sa pagitan ng San Diego at National City dahil andito tayo sa panahong iniisip natin ang hinaharap ng Pepper Park. At sa tingin ko'y matatapos ang ating workshop na may mga ideyang magkakaparehas. Muli, binabati ko ang lahat ng mga nagsipagdalo ngayon. Ngayon, ako'y magbabahagi nang aking screen para sa huling pagkakataonat para sa inyong nakikita, may isang slide akong nagpapakita nang contact information, at ilang mga bagay tungkol sa susunod na mga hakbang.
1:28:51 - 1:29:35	**Jacob Leon**	Okay. Isang parte ng aming responsibilidad ay ang pagbabahagi sa inyo ang mga buod ng chat na naganap sa bawat breakout room. At ito ay ang ilan sa mga ibabahagi namin sa Port of San Diego website na ginawa para sa National City. Sa website na ito makikita ninyong...Patuloy natin itong dadagdagan ng bagong impormasyon. Dito namin ilalagay ang buod. At magkakaroon din kami ng link na maaari ninyong pindutin para sumali sa newsletter. Dahil dito maaari kayong makipag-ugnayan para sa lahat ng mga bagong anunsyo o tuwing kami'y may bagong ibabahagi. At sana'y manatili kayong nakatutok sa susunod na buwan, isang buwan at kalahati, kapag nagkaroon na kami ng bagong impormasyong ibabahagi sa website na ito.
1:29:36 - 1:31:32	**Jacob Leon**	Si Anna ay nasa grupo namin. Siya ang project manager sa mga bagay na konektado sa Port of San Diego. Ang kanyang contact information ay nakalista sa bandang ibaba. Malugod niyang tatanggapin ang inyo mga email at tawag kung kayo'y may bagong mga ideya. Titingnan ko ang chat. Babasahin ko muna ang chat para mapag-aralan kung may mga komento akong maaring banggitin. Sa aking palagay ay pwede kong simulan tungkol sa mga estraktura at gusali, ang lahat ng mga ito ay plinaplano pa lamang, kaya't wala pang sigurado sa mga ito. At sa aking palagay ay parte ang prosesong ito sa pagdisenyo ng pagpapalaki ng Pepper Park para makita natin kung magagawa ang mga ito at masiguradong sumasalamin ang mga ito sa pangangailangan ng komunidad. At nakikita namin ang (pagtitipong) it bilang isa magandang kumpirmasyon. May mga ideya kaming nakikita tungkol sa kiosko, may mga nakikita kami tungkol sa native gardens at native plantings, educational components. At nakikita ko ang lahat ng mga magagandang mga ideya, ilang ideya tungkol sa active transportation, ang pagkakaroon ng estasyon para sa bisikleta na maaaring mailagay sa Pier 32 or Pepper Park. Muli, aming itatala ang mga nakasulat sa chat at ito'y magiging parte ng report. Ngunit maraming mga magaganda ideya ngayon na babaunin ng aming design team at sisimulang pagplanuhan gamit ang lapis at papael para mapag-isipan ang kinabukasan ng Pepper Park. Sa puntong ito, gusto kong muling tawagin si Commissioner Naranjo, kung maari lamang? Alam kong ang Alkalde natin ay may mga pambungad na pahayag ngunit gusto ko kayo ngayong bigyan ng oportunidad para isara ang workshop ngayong gabi kungikaw ay komportable dito?
1:31:33 - 1:32:22	**Sandy Naranjo**	Oo, maari ko itong gawin. Salamat, Jacob. Unang-una sa lahat, salamat sa lahat sa inyo, sa bawat isa sa inyong naglaan ng isa't kalahating oras ng inyong Huwebes ng gabi. Pinapahalagahan namin ang inyong mga opinyon, at espasyo natin ito. At gusto kong masigurong maging aktibo kayo, at maging parte kayo ng aming mailing list. Kung kayo'y may mga katanungan, maging malaya kayo sa pag-email sa akin. Matutuwa akong magkaroon ng one-on-one kasama kayo, ngunti maging aktibo kayo at maging parte sapagkat ang tagumpay ng proyektong ito ay nakadepende sa lahat sa atin. At kailangan namin kayo. Sana'y maging parte kayo, maging aktibo, subaybayan ang Port of San Diego, at palaging magpunta sa aming website, portofsandiego.org, at ito ang aking email address at masaya akong susuporta. Maraming salamat sa lahat.
1:32:23 - 1:32:39	**Jacob Leon**	Maraming salamat commissioner, ikinagagalak namin ito. Kung may mga huling komento ang mga kalahok, malaya kayong banggitin ito sa chat ngayon, kung wala na, kayo'y malayang maghapunan na, i-enjoy ang inyong hapunan, at bumalik sa inyong mga pamilya at mga mahal sa buhay. At sana'y makita namin kayong muli. Magandang gabi sa lahat!
1:32:40	**Mike Singleton**	Maraming salamat sa lahat.